# 2024
# PINAGTIBAY NA BADYET NG BAYAN



**ADYENDA PARA SA KASAGANAAN:**
Pagkamit ng Ekonomiyang Handa sa Hinaharap at Sustenible

BAGONG PILIPINAS

Ang pagsipi, pagkopya, paglilimbag, at/o pagpapalaganap ng publikasyong ito ay mahigpit na pinahihintulutan lamang para sa di-komersiyal na gámit, hal., para sa publikong impormasyon, pang-edukasyon, at layuning personal, at may kaukulang pagkilála sa Kagawaran at sa iba pa nitong pinagkuhaan ng datos/impormasyon. Gayumpaman, ang Kagawaran ay hindi mananagot sa anumang mga isyung magmumula sa paggawa nito.

Ang pagsasalin ng publikasyong ito ay isinangguni at ipinasuri sa Komisyon ng Wikang Filipino.

**Mga pinagkuhanan ng mga larawan:** Kagawaran ng Agrikultura, Kagawaran ng Enerhiya, Kagawaran ng Edukasyon, Sentro ng Disenyo ng Pilipinas, Mary Kristine Dator


+63 2 8657 3300

/DBMgovPH

dbm.gov.ph

publications_division@dbm.gov.ph

Ang Ingles na bersiyon ng publikasyong ito ay maaaring maakses sa DBM website.



2024 Pinagtibay na Badyet ng Bayan

# TALAAN NG NILALAMAN


2 Paunang-Salita

## ANG 2024 PINAGTIBAY NA BADYET NG BAYAN

4 Adyenda para sa Kasaganaan: Pagkamit ng Ekonomiyang Handa sa Hinaharap at Sustenible

## MGA DIMENSIYON NG BADYET

6 Batay sa Sektor (Dáting Sistema)
8 Batay sa Sektor (COFOG)
10 Batay sa Klasipikasyon ng Gugulin
12 Batay sa Recipient Unit
14 Batay sa Rehiyon
16 Batay sa Special Purpose Fund
18 Batay sa Pinagkukunan ng Laang-gugulin

## MGA PRIYORIDAD SA PAGGUGOL

20 Impraestruktura
24 Seguridad sa Pagkain
28 Edukasyon
30 Kalusugan at Nutrisyon
32 Pangangalagang Panlipunan
34 Proteksiyon sa mga Manggagawa at Pagpapaunlad ng Industriya
36 Kapaligiran, Pag-angkop sa Klima, at Katatagan Laban sa Sakuna
38 Mabuting Pamamahala

## PAGPIPINANSIYA NG PAMBANSANG BADYET

40 Ang 2024 Badyet at ang Ekonomiya
43 Programang Pampananalapi
44 Rentas
45 Mga Panghihiram

## ANG MGA BATAYANG KAALAMAN SA PAGBABADYET

46 Ang Siko ng Badyet
48 Glosaryo

49 Mga Off-Budget Account
50 Itanong sa Pámahalaán
51 Survey Feedback Form



# Paunang-Salita

*Assalamu alaikum wa Rahmatullahi wa Barakatuh.*

Ang Pambansang Badyet ng Piskal na Taon (PT) 2024, na masinsinang ginawa sa ilalim ng kasalukuyang Administrasyon, ay nagpapakita ng ating hindi natitinag na pangako na isulong ang ating bansa tungo sa pagbabagong pang-ekonomiya at kasaganaan. Ito ay sumasalamin sa ang ating pangkalahatang dedikasyong isulong ang 8-Point Socioeconomic Agenda ng Administrasyon at ang Philippine Development Plan 2023-2028.

Bilang unang buong-taon na badyet ng Administrasyong PBBM, ang General Appropriations Act (GAA) para sa PT 2024 ay naglalahad ng mga kongkretong programa at datos na tutulong sa pagsasakatuparan ng mga layunin at adhikain ng bawat Pilipino at, sa huli, ang pangunahing sosyo-ekonomikong transpormasyon ng bansa na inaasahan sa ilalim ng Bagong Pilipinas.

Para sa FY 2024, ang kabuoang badyet ay Php 5.768 trilyon. Ang mga sektor ng Serbisyong Panlipunan at Serbisyong Pang-ekonomiya ay bumubuo sa higit kalahati ng badyet na ito, na binibigyang-diin ang aming pangako sa pagpapahusay ng mga pangunahing serbisyo at paghimok ng paglago ng ekonomiya.

Ang sektor ng Serbisyong Panlipunan ay tatanggap ng pinakamalaking bahagi, na nagkakahalaga ng Php 2.116 trilyon o 36.7 porsiyento ng Badyet, upang matiyak ang patuloy na paghahatid ng mga programa sa edukasyon, kalusugan, at panlipunang proteksiyon.

Ang sektor ng Serbisyong Pang-ekonomiya, sa kabilang banda, ay tatanggap ng Php 1.775 trilyon o 30.8 porsiyento ng Badyet habang nagsisikap ang pámahalaán na makamit ang ating mga target na pang-ekonomiya at lumikha ng mga oportunidad sa trabaho gayundin ng mga de-kalidad na trabaho. Pabibilisin natin ang Build Better More Program, na may layuning makamit ang upper middle income status at gawing pangunahing destinasyon ng pamumuhunan ang Pilipinas sa pamamagitan ng patuloy na pagpapaunlad ng panlipunan, publiko at digital na impraestruktura.

> **“Ang Pambansang Badyet ng PT 2024 ay isang patunay sa aming hindi natitinag na pangako na pagpapasimula ng isang panahon ng sustenibleng paglago na may katangian ng ingklusibidad at dinamismo sa ilalim ng ating Adyenda ng Kasaganaan.”**

Samantala, ang pámahalaán ay nakatuon sa pananagutan sa pananalapi, tinitiyak na ang mga programa at proyektong ipatutupad ng mga ahensiya ng pámahalaán ay handa at maipapatupad sa tamang oras nang may lubos na integridad at kahusayan.

Batid ang mga ito, at nagsisikap na maabot ang aming adhikaing magkaroon ng isang bukas na pámahalaán, inihaharap namin sa inyo ang PT 2024 Pinagtibay na Badyet ng Bayan. Sa pamamagitan ng dokumentong ito, umaasa kaming magkakaroon kayo ng mas malawak na pag-unawa sa PT 2024 GAA pati na rin ng mas malalim na pagpapahalaga sa hangarin sa likod ng mga alokasyon.

Ang Pambansang Badyet ng PT 2024 ay isang patunay sa aming hindi natitinag na pangako na pagpapasimula ng isang panahon ng sustenibleng paglago na may katangian ng ingklusibidad at dinamismo sa ilalim ng ating Adyenda ng Kasaganaan. Inaanyayahan namin ang lahat ng mga stakeholder na makiisa sa amin sa pagtupad ng pinag-isang bisyon ng isang maunlad at matatag na bansa para sa mga susunod na henerasyon. Sama-sama tayong bumuo ng mas magandang kinabukasan para sa Pilipinas.

*Wabillahi Tawfiq Wal Hidaya, Wasalamu alaikum wa rahmatullahi wa Barakatuhu.*

**Amenah F. Pangandaman**
**Kalihim**


# Adyenda para sa Kasaganaan: Pagkamit ng Ekonomiyang Handa sa Hinaharap at Sustenible

Ang Pambansang Badyet para sa Piskal na Taon (PT) 2024 ang kumakatawan sa layunin ng pámahalaáng palawigin pa ang mga pang-ekonomiyang tagumpay ng nakaraang piskal na taon sa pamamagitan ng malaking alokasyon na Php 5.768 trilyon. Ang planong ito ay naglalayong mapabuti ang mga serbisyong panlipunan, mapalakas ang mga pangunahing sektor ng ekonomiya, at masiguro na lahat ay nakikinabang sa isang kongkretoat sustenibleng ekonomiya sa hinaharap.

## A. Estratehiya ng Konsolidasyong Pampananalapi

Ang PT 2024 Pambansang Badyet ay nagpapahiwatig ng isang makabuluhang tagumpay bilang unang buong-taong badyet ng Administrayong PBBM na naglalayong tuparin ang mga malinaw, nasusukat, at makatotohanang makroekonomiko at pampananalaping mga target ng Medium-Term Fiscal Framework (MTFF).

- Suportahan ang patuloy na paglago ng bansa nang may paglaki sa pamamagitan ng real Gross Domestic Product (GDP) para sa 2024 na inaasahang nasa gitna ng 6.5% hanggang 7.5%
- Ang Programang Pang-Impraestruktura sa ilalim ng PT 2024 General Appropriations Act (GAA) ay nasa 5.5% ng GDP sa pamamagitan ng Programang Build Better More
- Ipagpatuloy ang konsolidasyong pampananalapi sa pamamagitan ng pagpapataas ng mga kita habang pinabababa ang pagpipinansiya ng deficit




**Ang PT 2024 badyet na nagkakahalaga ng Php 5.768 trilyon ay katumbas ng 21.1% ng GDP.**

### Ang 2022-2028 MTFF

**6.5-8.0%**
Taunang pagtaas ng real GDP para sa 2023 hanggang 2028

**Mas mababa sa 60.0%**
Debt-to-GDP ratio ng NG pagsapit ng 2025

**9.0%**
Single-digit na antas ng karalitaan pagsapit ng 2028


**Hindi bababa sa $4,256**
Gross National Income (GNI) per capita o ang pagtamo ng estadong upper middle-income

**3.0%**
Deficit-to-GDP ratio ng Pambansang Pamahalaan (NG) pagsapit ng 2028

## B. Pagpopondo ng 8-Point Socioeconomic Agenda

Ang Pambansang Badyet ay lubos na sumusuporta sa mga priyoridad na programa, aktibidad, at proyekto (PAPs) na tinukoy sa 8-Point Socioeconomic Agenda ng Pangulo at ng Philippine Development Plan 2023-2028.

- Ang sektor ng Serbisyong Panlipunan ay tatanggap ng 36.7% ng Pambansang Badyet.
- Ang sektor ng Serbisyong Pang-ekonomiya ay tatanggap ng 30.8% ng Pambansang Badyet.
- Ang Programang Pang-Impraestruktura sa ilalim ng PT 2024 GAA ay nasa 5.5% ng GDP.




**9.5% na mas mataas sa PT 2023 Pambansang Badyet**

### Ang 8-Point Socioeconomic Agenda



A. Tiyakin ang Seguridad sa Pagkain




B. Bawasan ang Gastos sa Transportasyon at Lohistika



C. Bawasan ang mga Gastos sa Enerhiya




D. Pabutihin ang Kalusugan



E. Lutasin ang mga Kakulangan sa Pagkatuto



F. Palakasin ang Pangangalagang Panlipunan



G. Tiyakin ang Mabuting Pamamahalang Pampananalapi



H. Pahusayin ang Episyensiya sa Burukrasya

# Mga Dimensiyon ng Badyet

## Batay sa Sektor (Dáting Sistema)

Isang paraan ng pagpapakita ng Pambansang Badyet ay ang pag-uuri nito ayon sa Serbisyong Panlipunan (Php 2.116 trilyon), Serbisyong Pang-ekonomiya (Php 1.775 trilyon), Pangkalahatang Serbisyong Publiko (Php 898.6 bilyon), Tanggulan (Php 278.1 bilyon), at Debt Burden (Php 699.2 bilyon).





### Serbisyong Panlipunan

**2024:** **Php 2.116 T**

2023: Php 2.004 T

Ang kabuoang Php 2.116 trilyon, o 36.7% ng Pambansang Badyet, ay magpapatuloy na pagbutihin ang kalidad ng buhay sa bansa sa pamamagitan ng pagpopondo ng mga pangunahing proyekto sa kalusugan, edukasyon, kagalingang panlipunan, at pabahay, bukod sa iba pa.

**Mga Pangunahing Paglalaan**

- Edukasyon, Kultura, at Pagpapaunlad ng Lakas-tao: Php 983.5 B
- Panlipunang Seguridad, Kagalingan, at Empleo: Php 449.1 B
- Subsidyo sa mga Lokal na Yunit ng Pámahalaán (LGUs): Php 350.4 B

### Serbisyong Pang-ekonomiya

**2024:** **Php 1.775 T**


2023: Php 1.624 T

Ang kabuoang Php 1.775 trilyon, o 30.8% ng Pambansang Badyet, ay makatutulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagpapatayo ng mga publikong impraestruktura, at pangangasiwa ng mga yamang agrikultura, bukod sa iba pa.

**Mga Pangunahing Paglalaan**

- Mga komunikasyon, mga kalsada, at iba pang transportasyon: Php 964.0 B
- Subsidyo sa mga LGU: Php 331.4 B
- Agrikultura at Repormang Pansakahan: Php 235.1 B







## Pangkalahatang Serbisyong Publiko

**2024:**
**Php 898.6 B**

2023:
Php 796.0 B

Ang kabuoang Php 898.6 bilyon, o 15.6% ng Pambansang Badyet, ay magpapanatili ng kaayusang publiko at kaligtasan sa pamamagitan ng pagpopondo ng mga pangkalahatang aktibidad ng pámahalaán, tulad ng mga tungkuling panghalalan at serbisyo sibil, bukod sa iba pa.

**Mga Pangunahing Paglalaan**

- Kaayusang Publiko at Kaligtasan: Php 362.4 B
- Subsidyo sa mga LGU: Php 265.2 B
- Pangkalahatang Pamamahala: Php 232.9 B

## Tanggulan

**2024:**
**Php 278.1 B**

2023:
Php 232.5 B

Ang kabuoang Php 278.1 bilyon, o 4.8% ng Pambansang Badyet, ay gagamitin upang protektahan ang soberaniya ng bansa at ipagtanggol ito laban sa mga panlabas at panloob na banta.

**Pangunahing Paglalaan**

- Panloob na Seguridad: Php 278.1 B

## Debt Burden

**2024:**
**Php 699.2 B**

2023:
Php 611.0 B

Ang kabuoang Php 699.2 bilyon, o 12.1% ng Pambansang Badyet, ay ilalaan para sa mga bayarin sa interes para sa mga lokal at dayuhang panghihiram ng pámahalaán, pati na rin sa net lending.

**Mga Pangunahing Paglalaan**

- Debt Service-Interest Payments: Php 670.5 B
- Net Lending: Php 28.7 B

## Batay sa Dáting Sistema ng Alokasyon sa mga Sektor, 2022-2024


(sa bilyong Piso)

| | 2022 (GAA) | 2023 (GAA) | 2024 (GAA) |
|---|---|---|---|
| Serbisyong Panlipunan | 1,932.4 | 2,004.3 | 2,116.4 |
| Serbisyong Pang-ekonomiya | 1,494.1 | 1,624.2 | 1,775.3 |
| Pangkalahatang Serbisyo Publiko | 834.7 | 796.0 | 898.6 |
| Tanggulan | 221.1 | 232.5 | 278.1 |
| Debt Burden | 541.3 | 611.0 | 699.2 |

# Mga Dimensiyon ng Badyet

## Batay sa Sektor (COFOG)

Ang Pambansang Badyet ay maaari rin ipakita sa pamamagitan ng sistemang Classification of the Functions of Government (COFOG) upang tulungan ang publiko na maintindihan kung paano inilalaan ang Pambansang badyet para sa mga kalakal at mga serbisyo na makakaapekto sa kanila bilang indibidwal at sa kabuoan. Sa pamamagitan ng sistemang COFOG, ang mga gastusin ng pámahalaán ay iniuri base sa mga panlipunan at pang-ekonomiyang layunin.



## Mga Sektor na Pinakikinabangan ng Buong Lipunan

### Mga Pangkalahatang Serbisyo Publiko
**2024: Php 2.338 T**
2023: Php 2.152 T

| | |
|---|---|
| Php 956.5 B | Mga lawas ehekutibo at lehislatibo, Mga ugnayang pinansiyal at piskal, Ugnayang panlabas |
| Php 685.0 B | Mga transaksiyon kaugnay sa utang ng pamahalaan |
| Php 557.6 B | Mga pangkalahatang serbisyo |

### Ugnayang Pang-ekonomiya
**2024: Php 836.5 B**
2023: Php 780.6 B

| | |
|---|---|
| Php 593.1 B | Transportasyon |
| Php 192.0 B | Agrikultura, Pangangasiwa ng kagubatan, pangisdaan, at Pangangaso |
| Php 21.2 B | Mga gawain at ugnayan sa pangkalahatang Ekonomiya, Komersiyal, at Paggawa |

### Publikong Kaayusan at Kaligtasan
**2024: Php 304.6 B**
2023: Php 282.6 B

| | |
|---|---|
| Php 190.9 B | Mga serbisyo ng Pulisya |
| Php 41.0 B | Mga hukuman |
| Php 27.3 B | Mga bilangguan |


### Tanggulan
**2024: Php 260.8 B**
2023: Php 210.0 B

| | |
|---|---|
| Php 251.3 B | Tanggulang militar |
| Php 9.1 B | Tanggulang sibil |
| Php 266 M | Saliksik at pagpapaunlad ng depensa |

### Proteksiyong Pangkapaligiran
**2024: Php 23.9 B**
2023: Php 21.9 B

| | |
|---|---|
| Php 9.4 B | Proteksiyon sa biodiversity at kalupaan |
| Php 2.6 B | Pagkontrol at pagpigil sa polusyon |
| Php 2.4 B | Pamamahala ng basura |






## Mga Sektor na Direktang Pinakikinabangan ng mga Indibidwal

### Edukasyon
**2024: Php 928.2 B**
2023: Php 857.0 B

| | |
|---|---|
| Php 317.3 B | Premarya at primaryang edukasyon |
| Php 291.2 B | Edukasyong sekundarya |
| Php 137.4 B | Edukasyong tersiyarya |

### Pangangalagang Panlipunan
**2024: Php 746.1 B**
2023: Php 616.8 B

| | |
|---|---|
| Php 106.3 B | Pantawid Pamilyang Pilipino Program o ang Conditional Cash Transfer (CCT) |
| Php 83.5 B | Mga survivor (Gender and Development, Mga Internally Displaced Person, at Disaster Relief Assistance) |
| Php 50.0 B | Katandaan (Senior citizens) |



### Kalusugan
**2024: Php 313.7 B**
2023: Php 321.3 B

| | |
|---|---|
| Php 122.9 B | Mga serbisyo sa publikong kalusugan |
| Php 90.2 B | Mga serbisyo sa ospital |
| Php 61.5 B | Segurong pangkalusugan |

### Pabahay at mga Serbisyong Pampamayanan
**2024: Php 8.8 B**
2023: Php 18.7 B

| | |
|---|---|
| Php 4.9 B | Suplay ng tubig |
| Php 2.2 B | Pagpapaunlad ng pamayanan |
| Php 1.7 B | Pagpapaunlad ng Pabahay |


### Libangan, Kultura, at Relihiyon
**2024: Php 7.5 B**
2023: Php 7.0 B

| | |
|---|---|
| Php 4.0 B | Mga serbisyong pangkultura |
| Php 1.3 B | Mga serbisyo sa broadcasting at paglalathala |
| Php 1.3 B | Mga serbisyong panlibangan at isports |

# Mga Dimensiyon ng Badyet

## Batay sa Klasipikasyon ng Gugulin

Ang mga gastusin at/o laang-gugulin ng pámahalaán ay maaari ding urîin batay sa kanilang klasipikasyong pang-ekonomiya, tulad ng: Serbisyong Pangkawani (PS), Pangangasiwa at Ibang Gastos sa Operasyon (MOOE), mga Capital Outlay (CO), at mga Gastusing Pampinansiya (FinEx).






### Pangangasiwa at Ibang Gastos sa Operasyon

**2024:**
**Php 2.275 T**

2023:
Php 2.030 T

- Pang-araw-araw na operasyon ng mga Pambansang Ahensiya ng Pámahalaán (NGA), kabilang ang mga gastúsin sa mga pangunahing utilidad at pagmamantene, bukod sa iba pa
- Mga programa, mga aktibidad, at mga proyekto ng pámahalaán, lalo ang mga pangunahing programang tulad ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program at National Health Insurance Program, bukod sa iba pa
- Mga subsidyo para sa mga Korporasyong Pag-aari at/o Kontrolado ng Pámahalaán (GOCC)
- Mga alokasyon para sa mga lokal na yunit ng pámahalaán (LGU)[1/]

*[1/] Kabílang ang National Tax Allotment (dating Internal Revenue Allotment), Special Shares in the Proceeds of National Taxes, Local Government Support Fund, Special Shares in the Proceeds of Fire Code Fees, Barangay Officials Death Benefits, Alokasyon para sa Metropolitan Manila Development Authority, at Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao*



### Serbisyong Pangkawani

**2024:**
**Php 1.483 T**

2023:
Php 1.477 T

- Mga suweldo, mga benepisyo, at iba pang kompensasyon ng mga kawani ng pámahalaán
- Mga pensiyon ng militar at unipormadong kawani
- Mga sahod ng bagong manggagawang pangkalusugan sa ilalim ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH), gayundin ang mga posisyon para sa kawani na teaching at non-teaching sa ilalim ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd)

## Mga Capital Outlay *(kabilang ang Net Lending)*

**2024:**
**Php 1.339 T**

2023:
Php 1.177 T




- Mga kalakal at mga serbisyo na maaaring magamit nang lampas sa taong pampananalapi at maidagdag sa mga ari-arian ng Pambansang Pámahalaán
- Mga pangunahing programa ng iba't ibang mga NGA, tulad ng Build Better More Program at iba't ibang mga impraestrukturang panlipunan sa ilalim ng DOH at DepEd

## Mga Gastusing Pampinansiya

**2024:**
**Php 670.5 B**

2023:
Php 583.2 B



- Mga bayarin sa management supervision/trusteeship, mga tubò ng utang, mga bayarin sa guarantee, mga bayarin sa commitment, at mga bayarin sa bangko
- Mga tubò ng utang sa lokal at dayuhang panghihiram
- Iba pang mga bayarin na naiipon ng mga NGA sa pagmamay-ari o pag-upa ng mga asset o ari-arian

## Batay sa Klasipikasyon ng Gugulin, 2022-2024
(sa bilyong Piso)


| Mga Detalye | 2022 (GAA) | 2023 (GAA) | 2024 (GAA) |
|---|---|---|---|
| MOOE | 2085.3 | 2,030.3 | **2,274.7** |
| PS | 1,405.3 | 1,477.1 | **1,483.3** |
| CO *(kabilang ang Net Lending)* | 1,019.2 | 1,177.4 | **1,339.1** |
| FinEx | 513.8 | 583.2 | **670.5** |



# Mga Dimensiyon ng Badyet

## Batay sa Recipient Unit

Ang Pambansang Badyet ay maaari ding uriin ayon sa mga recipient entity—mga Pambansang Ahensiya ng Pámahalaán (NGAs), mga Lokal na Yunit ng Pámahalaán (LGUs), mga Korporasyong Pag-aari at/o Kontrolado ng Pámahalaán (GOCCs), at mga Pinagkakautangan.




- **Mga Pambansang Ahensiya ng Pámahalaán** (66.9%)
- **Mga Korporasyong Pag-aari at/o Kontroladong Pámahalaán** (3.9%)
- **Mga Lokal na Yunit ng Pámahalaán** (17.5%)
- **Mga Pinagkakautangan** (11.6%)

*Talâ: Maaaring hindi magtugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*

## Mga Pambansang Ahensiya ng Pámahalaán

**66.9%** **Php 3.859 T**



Makakatanggap ng pinakamalaking bahagi ng Pambansang Badyet, ang mga NGA ay nilaanan ng Php 3.859 trilyon upang pondohan ang mga pang-araw-araw na operasyon at pangunahing programa at proyekto ng mga kagawaran at ahensiya.

## Mga Lokal na Yunit ng Pámahalaán

**17.5%** **Php 1.011 T**



Para sa 2024, and mga LGU ay binigyan ng Php 1.011 trilyon upang pondohan ang National Tax Allotment ng mga LGU at ang BARMM Annual Block Grant, bukod sa iba pa.

## Mga Korporasyong Pag-aari at/o Kontrolado ng Pámahalaán


**3.9%** **Php 226.8 B**



Ang subsidyo sa mga GOCC na nagkakahalaga ng Php 226.8 bilyon ay inilaan upang tustusan ang mga pangunahing programa at proyekto ng mga korporasyon ng pámahalaán.

## Mga Pinagkakautangan

**11.6%** **Php 670.5 B**



Php 670.5 bilyon ang inilaan para sa mga pinagkakautangan para pambayad sa interes kapwa sa lokal at dayuhang mga panghihiram.

# Mga Dimensiyon ng Badyet

## Batay sa Rehiyon

Ang pagpapababa ng hindi pagkapantay-pantay ay mahalaga sa pagkamit ng isang ekonomiyang handa sa hinaharap at sustenible. Upang makamit ito, patuloy na tinitiyak ng pámahalaán na ang mga angkop na pondo ay napupunta sa bawat rehiyon ng bansa.

### Badyet na Batay sa Rehiyon

**2024: Php 3.957 T**

2023: Php 3.646 T

- Luzon
- Visayas
- Mindanao
- Pambansang Punong Rehiyon



### Luzon

**Php 1.540 T** Alokasyon kada tao: Php 30,179

**Rehiyong Administratibo ng Cordillera**
**Php 97.7 B**
Alokasyon kada tao:
Php 52,435

**Rehiyon I**
**Php 180.6 B**
Alokasyon kada tao:
Php 33,280

**Rehiyon II**
**Php 160.2 B**
Alokasyon kada tao:
Php 42,270

**Rehiyon III**
**Php 369.2 B**
Alokasyon kada tao:
Php 28,251

**Rehiyon IV-A**
**Php 341.1 B**
Alokasyon kada tao:
Php 19,816

**MIMAROPA**
**Php 157.1 B**
Alokasyon kada tao:
Php 47,426

**Rehiyon V**
**Php 234.0 B**
Alokasyon kada tao:
Php 36,849


### Visayas

**Php 656.5 B** Alokasyon kada tao: Php 30,604

**Rehiyon VI**
**Php 222.4 B**
Alokasyon kada tao:
Php 27,293

**Rehiyon VII**
**Php 228.2 B**
Alokasyon kada tao:
Php 27,440

**Rehiyon VIII**
**Php 206.0 B**
Alokasyon kada tao:
Php 41,289





## Mindanao
**Php 893.6 B** Alokasyon kada tao: Php 32,744

**Rehiyon IX**
**Php 140.1 B**
Alokasyon kada tao:
Php 36,093

**Rehiyon X**
**Php 190.1 B**
Alokasyon kada tao:
Php 36,353

**Rehiyon XI**
**Php 162.7 B**
Alokasyon kada tao:
Php 28,988

**Rehiyon XII**
**Php 127.1 B**
Alokasyon kada tao:
Php 24,607

**CARAGA**
**Php 124.3 B**
Alokasyon kada tao:
Php 43,388

**BARMM**
**Php 149.4 B**
Alokasyon kada tao:
Php 32,905

## Pambansang Punong Rehiyon
**Php 866.5 B** Alokasyon kada tao: Php 60,188

*Mga talâ:*

- *Maaaring hindi magtugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*
- *Ang mga alokasyon kada tao ay batay sa pinakabagong Tinatayang populasyon sa kalagitnaan ng taon ng Pangasiwaan sa Estadistika ng Pilipinas (Hanggang Hulyo 1, 2024).*

## Badyet na Di-Batay sa Rehiyon

**2024: Php 1.811 T**
2023: Php 1.622 T

- Mga Alokasyong Pambansa
- Mga Alokasyon para sa Sentral na Opisina



### Mga Alokasyong Pambansa
**Php 1.278 T**

Binubuo ito ng mga lump sum at mga special purpose fund na ipamamahagi sa mga kagawaran at mga ahensiya ng iba't ibang rehiyon sa loob ng taong pampananalapi

### Mga Alokasyon para sa Sentral na Opisina
**Php 532.7 B**

Binubuo ito ng mga alokasyon na kumakatawan sa mga ari-arian na pinamamahalaan ng mga punong tanggapan ng mga kagawaran at mga ahensiya para sa kani-kanilang tanggapan

# Mga Dimensiyon ng Badyet


## Batay sa Special Purpose Fund

Ang mga Special Purpose Fund (SPF) sa Pambansang Badyet ay inilalaan para sa mga partikular na layunin ngunit hindi pa naipamamahagi sa mga tatanggap na ahensiya sa panahon ng pagpaplano ng badyet. Ang mga SPF ay ipinapamahagi sa mga ahensiya, bukod pa sa mga regular na alokasyon sa panahon ng pagpapatupad ng badyet, sa ilalim ng mga espesyal na probisyon at kondisyon. Para sa 2024, may kabuoang Php 2.169 trilyon and inilaan para sa mga SPF.

### Mga Disaggregated na SPF

| | |
|---|---|
| **2024** | **Php 1.450 T** |
| 2023 | Php 1.403 T |

Mga pondong nahati-hati na at inilaan na para sa mga espesipikong aytem at layunin



#### Mga Alokasyon para sa mga Lokal na Yunit ng Pámahalaán (LGU)
**Php 1.010 T**

Mga subsidyo na inilaan sa mga lokal na pámahalaán na kumakatawan sa kanilang bahagi sa koleksiyon ng pambansang buwis

| | |
|---|---|
| Php 871.4 B | National Tax Allotment |
| Php 80.6 B | Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao |
| Php 34.6 B | Special Shares of LGUs in the Proceeds of National Taxes |
| Php 18.3 B | Local Government Support Fund |
| Php 5.6 B | Metropolitan Manila Development Authority |

#### Suportang Pambadyet sa mga Korporasyon ng Pámahalaán
**Php 226.8 B**

Mga equity at/o subsidyo na ibinibigay bilang tulong pinansiyal sa mga korporasyon ng pámahalaán

#### Pension at Gratuity Fund
**Php 143.0 B**

Pambayad sa pensiyon, mga retirement at terminal leave benefit, mga separation benefit at insentibo, at mga monetized leave credit ng mga kawani ng pámahalaán

#### Revised Armed Forces of the Philippines Modernization Program
**Php 40.0 B**

Alokasyon para sa pagpapaunlad ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas upang matugunan ang mga panloob at panlabas na banta sa seguridad

#### Miscellaneous Personnel Benefits Fund
**Php 29.7 B**

Pagpopondo sa mga gastusing pangkawani, tulad ng, pero hindi limitado sa, mga kinakailangan sa pagpuno ng mga bakanteng posisyon at paggawa ng mga bagong posisyon


*Talâ: Maaaring hindi magtugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*



## Mga Lump Sum SPF

| | |
|---|---|
| **2024** | **Php 719.3 B** |
| 2023 | Php 631.1 B |

Mga pondo na hindi pa nahati-hati at/o maaari lamang ipatupad kung matutugunan ang ilang tiyak na kondisyon



### Mga Debt Interest Payment
**Php 670.5 B**

Alokasyon na itinabi para sa pambayad sa interes na natamo mula sa lokal at dayuhang panghihiram

### National Disaster Risk Reduction and Management Fund
**Php 20.5 B**

Mga pondong pang-emergency para sa pagtulong at rehabilitasyon ng mga pamayanan at lugar na apektado ng mga disaster na dulot ng kalikasan o tao, bukod sa iba pa

### Tax Expenditure Fund
**Php 14.5 B**

Pambayad para sa mga buwis at adwana ng mga ahensiya, LGU, at mga korporasyon ng pámahalaán

### Contingent Fund
**Php 13.0 B**

Reserbang pondo para sa mga agarat at/o bagong proyekto at gawain na kailangang maipatupad o bayaran sa loob ng taong pampananalapi

### Allocations para sa mga LGUs
**Php 824 M**

| | |
|---|---|
| Php 774 M | Special Shares of LGUs in the Proceeds of Fire Code Fees |
| Php 50 M | Barangay Officials Death Benefits |

# Mga Dimensiyon ng Badyet

## Batay sa Pinagkukunan ng Laang-gugulin

Isa pang paraan ng pagpapakita ang Pambansang Badyet ay sa pamamagitan ng mga pinagkukunan ng mga pondo nito. Binubuo ng Bagong Pangkalahatang Laang-gugulin (New General Appropriations) at Awtomatikong Laang-gugulin (Automatic Appropriations), ang kanilang mga alokasyon para sa 2024 ay nagkakahalaga ng Php 4.020 trilyon (69.7%) at Php 1.748 trilyon, ayon sa pagkakabanggit.



### Bagong Pangkalahatang Laang-gugulin

Mga laang-guguling isinusumite sa Kongreso kada taon para sa pag-aproba at pagsasabatas

**69.7%**

**2024: Php 4.020 T**

2023: Php 3.671 T

### Nakaprogramang Bagong Pangkalahatang Laang-gugulin

May tiyak o natukoy na magpakukunan ng pondo sa panahaong binabalangkas ang badyet

**Php 3.516 T**

Mga Kagawaran at mga Ahensiya

**Php 503.7 B**

Mga Special Purpose Fund

### Di-Nakaprogramang Laang-gugulin

Maaaring gamitin ng mga Pambansang Ahensiya ng Pámahalaán kapag mayroong labis na mga kita, bagong mapagkukunan ng kita, at/o naaprobahang bagong utang para sa mga Proyektong Foreign-Assisted

**Php 225.4 B**

Pagpapalakas ng Tulong para sa mga Programang Pang-impraestruktura at Panlipunan ng Pámahalaán

**Php 20.2 B**

Suportang Pambadyet sa mga Korporasyon ng Pámahalaán

**Php 170.3 B**

Suporta para sa mga Proyektong Foreign-Assisted

**Php 10.0 B**

Revised AFP Modernization Program





## Awtomatikong Laang-gugulin

Mga laang-gugulin na hindi nangangailangan ng pag-aproba ng Kongreso dahil pinahihintulutan na ng mga umiiral na batas

# 30.3%

**2024: Php 1.748 T**

2023: Php 1.597 T

**Php 871.4 B**
National Tax Allotment

**Php 670.5 B**
Debt Service-Interest Payments

**Php 70.5 B**
Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao Block Grant

**Php 65.8 B**
Retirement and Life Insurance Premiums

**Php 28.7 B**
Net Lending

**Php 26.5 B**
Special Accounts in the General Fund

**Php 14.5 B**
Tax Expenditure Fund

**Php 480 M**
Pension of Ex-Presidents/Spouses

# Impraestruktura

Sa 2024, patuloy na patataasin ng pámahalaán ang akses sa mga pangunahing serbisyo, palalakasin ang mga ugnayan sa industriya, at palalawakin ang koneksiyon sa buong bansa sa pamamagitan ng pagpopondo ng mga programa, aktibidad, at proyekto sa sektor ng impraestruktura, transportasyon, at digital na handa nang ipatupad at malapit nang matapos.

## Build Better More

| | |
|---|---|
| **2024** | **Php 1.510 T[1/]** |
| 2023 | Php 1.330 T |



**Php 521.3 B**
**Mga Network ng Kalsada**

**Php 352.8 B**
**Mga Sistema sa Pagkontrol ng Baha**

**Php 209.9 B**
**Pagpapaunlad ng mga Lokal na Yunit ng Pámahalaán**

**Php 77.0 B**
**Mga Gusali**

**Php 56.8 B**
**Mga Sistemang Patubig**

**Php 42.1 B**
**Mga Gusaling Pampaaralan**

**Php 23.3 B**
**Mga Ospital at Sentrong Pangkalusugan**

**Php 7.8 B**
**Mga Sistema ng Suplay ng Tubig**

**Php 7.5 B**
**Mga Sistema ng Paliparan**

**Php 5.3 B**
**Mga Adkisisyong Right-of-Way**

**Php 4.4 B**
**Mga Sistema para sa Suplay ng Koryente**

**Php 2.9 B**
**Mga Pasilidad para sa Pabahay at Pamayanan**

**Php 1.5 B**
**Mga Sistema ng Riles**

**Php 940 M**
**Mga Proyekto sa Reforestation**

[1/] *Kabílang ang 20.0% Development Fund (Php 174.3 bilyon) at iba pang paglilipat/tulong pinansyal sa mga Lokal na Yunit ng Pámahalaán (LGUs) na inilaan para sa mga aktibidad sa impraestruktura (i.e., Php 13.9 bilyon para sa Local Government Support Fund; Php 19.1 bilyon para sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao [BARMM] Annual Block Grant at Special Development Fund; at Php 2.7 bilyon sa ilalim ng mga programang impraestruktura ng Pangasiwaan ng Pagpapaunlad ng Kalakhang Maynila o MMDA)*

## Breakdown ng Programa sa Impraestruktura batay sa Rehiyon, 2023-2024

| Mga Detalye | 2023 GAA (sa bilyong Piso) | 2024 GAA (sa bilyong Piso) | 2024 Distribusyón (sa porsiyento) |
|---|---|---|---|
| Pambansa[2/] | 206.3 | 14.6 | 1.0 |
| Sentral na Opisina[3/] | 740.8 | 922.3 | 61.1 |
| NCR[4/] | 54.6 | 91.9 | 6.1 |
| Rehiyong Administratibo ng Cordillera | 11.7 | 16.7 | 1.1 |
| Rehiyon I | 26.3 | 29.7 | 2.0 |
| Rehiyon II | 23.3 | 26.7 | 1.8 |
| Rehiyon III | 38.9 | 53.5 | 3.5 |
| Rehiyon IV-A | 30.8 | 54.5 | 3.6 |
| MIMAROPA | 12.0 | 23.5 | 1.6 |
| Rehiyon V | 25.7 | 39.0 | 2.6 |
| Rehiyon VI | 23.2 | 35.2 | 2.3 |
| Rehiyon VII | 22.8 | 37.5 | 2.5 |
| Rehiyon VIII | 27.3 | 31.4 | 2.1 |
| Rehiyon IX | 13.1 | 16.1 | 1.1 |
| Rehiyon X | 18.6 | 29.3 | 1.9 |
| Rehiyon XI | 12.3 | 20.2 | 1.3 |
| Rehiyon XII | 12.8 | 18.8 | 1.2 |
| CARAGA | 10.5 | 14.6 | 1.0 |
| BARMM[5/] | 19.5 | 34.7 | 2.3 |
| **Kabuoan** | **1,330.2** | **1,510.4** | **100.0** |

*Talâ: Maaaring hindi magtugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*

*[2/] Ang mga alokasyon sa buong bansa (nationwide allocation) ay tumutukoy sa mga alokasyong hindi pa naibibigay sa iba't ibang panrehiyong tanggapan ng mga kagawaran/ahensiya.*

*[3/] Ang mga alokasyon ng Sentral na Opisina ay binubuo ng mga alokasyong pang-impraestrukturang pinangangasiwaan ng mga punong tanggapan ng mga kagawaran/ahensiya para sa kani-kanilang mga yunit at sa mga multi-user special purpose fund (e.g., Calamity Funds).*

*[4/] Ang mga alokasyong panrehiyon (regional allocation) para sa NCR ay binubuo ng mga kinakailangan sa pagpopondo sa mga kagawaran/ahensiya na matatagpuan sa NCR na may saklaw sa buong bansa, ngunit walang mga operating unit sa mga rehiyon.*

*[5/] Binubuo ng mga proyektong pang-impraestruktura sa mga lalawigan ng BARMM (at dáting Awtonomong Rehiyon ng Muslim Mindanao)*

## Sustenibleng Impraestrukturang Pangkalsada

Bilang ahensiya sa inhenyeriya at konstruksiyon, ang Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan (DPWH) ay bibigyan ng badyet na Php 997.9 bilyon sa 2024. Ang halagang ito ay 11.6% na mas mataas kaysa nakaraang taon nitong badyet na Php 894.2 bilyon, at gagamitin upang tiyakin na ang pagkakaroon at kaligtasan ng publikong impraestruktura at pasilidad sa buong bansa.

### Php 139.0 B
**Asset Preservation Program**

Upang imantene ang 1,196.398 kilometrong (km) mga kalsada at ayusin, ipagawa, at pahusayin ang 798.711 km na mga nasirang sementadong pambansang kalsada

### Php 132.3 B
**Network Development Program**

Upang makapagpatayo ng 721.66 km na mga bagong kalsada at palawakin ang 647.288 km na mga kasalukuyang kalsada sa buong bansa

### Php 24.8 B
**Bridge Program**

Upang makapagpatayo ng 15,208.83 lineal meter at 156,156.76 m2 na mga tulay, gayundin ang pagmamantene at pagpapaayos ang 525 kasalukuyang tulay

## Isang Makabagong Sistema ng Transportasyon

Ang Kagawaran ng Transportasyon ay tatanggap ng Php 73.9 na bilyon sa 2024 upang tiyakin ang isang magagamit, episyente, at maaasahang sistema ng transportasyon at komunikasyon sa bansa.

### Php 11.8 B
**Transportasyong Panriles**

Upang palakasin at gawing makabago ang sistema ng riles sa bansa

### Php 7.5 B
**Transportasyong Panghimpapawid**


Upang magtayo, maipaayos, at mapabuti ang mga bago at kasalukuyang paliparan sa buong bansa, tulad ng Ninoy Aquino International Airprot at Kalibo International Airport, bukod sa iba pa

### Php 9.5 B
**Publikong Transportasyong Panlupa**

Upang magtayo at suportahan ang mga pasilidad para sa publikong transportasyon, tulad ng EDSA Busway Project and Public Utility Vehicle Modernization Program, at Active Transport Bike Share System and Safe Pathways Program

### Php 2.5 B
**Transportasyong Maritimo**

Upang matiyak ang ligtas at episyenteng sistema ng transportasyong maritimo sa pamamagitan ng New Cebu International Container Port at iba't ibang daungan na locally-funded



## Isang Mabisang Sistema ng Kolaborasyon

May kabuoang halagang Php 411.0 bilyon ang inilaan para sa iba't ibang mga convergence at special support program ng mga pambansang ahensiya ng pámahalaán kasama ang DPWH, na nagtitiyak na ang mga pagtutulungang ito ay makatutulong sa pagkamit ng mga parehong layunin para sa isang sustenibleng hinaharap.

### Mga Access Road/Tulay sa:

- Mga Destinasyong Panturismo: Php 15.2 B
- Mga Pook Pangkalakalan, Pang-industriya, at Pang-ekonomiya: Php 9.3 B
- Mga Daungan: Php 1.7 B
- Mga Paliparan: Php 1.7 B
- Mga Pamayanan ng mga Katutubong Mamamayan (IP): Php 865 M[6/]
- Mga Estasyon ng Riles: Php 58 M

### Mga Pasilidad/Estruktura para sa:

- Mga Multi-Purpose na Gusali/Pasilidad upang Suportahan ang mga Serbisyong Panlipunan: Php 87.9 B
- Pambansang Seguridad: Php 5.1 B
- Mga suplay ng tubig/septage at sewerage/sistema ng pagkolekto ng tubig-ulan: Php 2.8 B
- Mga Evacuation Center/Pasilidad para sa Quarantine/Pasilidad para sa Publikong Kalusugan: Php 6.4 B
- Mga May Kapansanan at mga Matatanda/Senior Citizen, kabilang ang mga Pasilidad na Gender-Responsive: Php 480 M

## Isang Handa sa Hinaharap na Impraestrukuturang Digital

Upang ipagpatuloy ang pagpapabuti ng impraestrukutrang digital ng bansa, ilang bahagi ng 2024 Pambansang Badyet ay ilalaan para sa layuning ito.

### Php 998 M
**ICT Systems and Infostructure Development, Management, and Advisory Program**

Upang magbigay ng maaasahan at ligtas na koneksiyon ng internet sa buong bansa

### Php 750 M
**Government Data Center Infrastructure**


Upang pag-isahin ang lahat ng mga government data center para sa mas mabilis na mga transaksiyong publiko

### Php 750 M
**National Broadband Plan**

Upang maglagay ng mga fiber optic cable sa buong bansa at tugunan ang mga problema sa koneksiyon ng internet

### Php 303 M
**National Government Portal**

Upang pondohan ang mga kailangan sa operasyon ng gov.ph, na naglalaman ng lahat ng mga website ng pámahalaán sa bansa



[6/] *Kabílang ang mga badyet sa ilalim ng Basic Infrastructure Program at Sustainable Infrastructure Projects Alleviating Gaps*

# Seguridad sa Pagkain

Ang pámahalaán ay nakatuon sa pagtiyak ng abot-kayang pagkain para sa lahat ng Pilipino sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga lokal na sistema ng pagkain, pagpapalakas ng produksiyon ng agrikultura, at pagmodernisa ng mga lugar ng produksiyon ng pagkain. Ang pangakong ito ay bahagi ng isang mas malawak na estratehiya para sa muling pagpasigla ng agrikultura at gawin itong isang pangunahing tagapagsulong ng paglago ng ekonomiya, tumutugon sa mga hamon ng potensiyal na krisis sa pagkain at papatungo sa pangmatagalang seguridad sa pagkain.

## Badyet ng Sektor ng Agrikultura

**2024: Php 221.7 B**

2023: Php 173.6 B



## Breakdown ng Badyet ng Agrikultura

- **Php 114.3 B** Kagawaran ng Agrikultura (DA) at mga kaugnay na ahensiya
- **Php 70.2 B** Pambansang Pangasiwaan sa Patubig (NIA)
- **Php 14.0 B** Pambansang Pangasiwaan sa Pagkain (NFA)
- **Php 8.6 B** Kagawaran ng Repormang Pansakahan (DAR)
- **Php 6.0 B** Pangasiwaan ng Pilipinas sa Pagpapaunlad ng Pangisdaan (PFDA)
- **Php 4.5 B** Korporasyon sa Seguro ng mga Pananim ng Pilipinas (PCIC)
- **Php 1.2 B** Pangasiwaan sa Niyog ng Pilipinas (PCA)
- **Php 1.0 B** Pangasiwaang Tagapamahala sa Asukal (SRA)
- **Php 746 M** Surian ng Pilipinas sa Pananaliksik ng Palay (PhilRice)
- **Php 551 M** Pambansang Pangasiwaan sa Tabako (NTA)
- **Php 522 M** Pambansang Pangasiwaan sa Gatas (NDA)

## Pagtitiyak na may Matatag na Suplay ng Pagkain

### Php 51.2 B
**Mga Pambansang Programa ng DA**

- **Php 30.9 B** Pambansang Programa sa Palay
- **Php 7.4 B** Pambansang Programa sa Pangisdaan
- **Php 5.4 B** Pambansang Programa sa Mais
- **Php 4.3 B** Pambansang Programa sa Paghahayupan
- **Php 1.9 B** Pambansang Programa sa mga Pananim na may Mataas na Kalidad
- **Php 0.9 B** Pambansang Programa sa Agrikulturang Organiko
- **Php 0.4 B** Pambansang Programa sa Urban at Peri-Urban na Agrikultura

### Php 9.0 B
**Buffer Stocking Program**

Upang tiyakin na mayroong sapat na suplay ng bigas sa mga panahon ng pangangailangan, tulad ng mga programa para sa disaster relief, sa pamamagitan ng pagbili ng palay mula sa mga lokal na magsasaka

### Php 889 M
**Seed Buffer Stocking**

Upang tiyakin na mayroong sapat na suplay ng mga binhi ng palay at mais sa panahon ng kalamidad at pangangailangan na maaaring makaapekto sa produksiyon ng pananim

## Pagsuporta sa mga Magsasaka at Mangingisda

### Php 4.5 B
**Crop Insurance Program**

Upang magbigay ng buong insurance premium sa mga magsasaka at mangingisda na nakatala sa Registry System for Basic Sectors in Agriculture at protektahan sila laban sa pagkalugi dulot ng mga kalamidad o peste

### Php 2.8 B
**Agriculture Credit Program**

Upang magbigay ng abot-kayang pagpapautang sa credit retailers/lenders, end-borrowers, at tumulong sa paglinang ng kakayahan ng mga magsasaka at mangingisda sa pamamagitan ng mga seminar at workshop

### Php 1.8 B
**Agrarian Reform Beneficiaries Development and Sustainability Program**

Upang suportahan ang mga benepisiyado ng repormang pansakahan sa pamamagitan ng pagpapataas ng kanilang produktibidad at kíta sa sakahan sa pamamagitan ng mga inisyatibang pagpapaunlad ng kapasidad, pati na rin ang pagbibigay ng akses sa mga serbisyo para sa utang at microfinancing



## Pagpapaunlad at Pag-modernisa ng mga Lugar ng Produksiyon ng Pagkain

### Php 58.1 B
**Serbisyong Patubig**[1/]


Upang magtayo, ayusin, mapabuti, at mag-install ng mga sistema ng irigasyon sa buong bansa

### Php 19.6 B
**Mga Farm-to-Market Road (FMR)**[2/]

Upang magtayo ng 1,201.64 na kilometero ng mga kalsada at tulay, na mag-uugnay sa mga lugar ng agrikultura at pangisdaan sa mga lugar ng produksyon at pamilihan

### Php 2.9 B
**Land Tenure Security Program**

Upang mamahagi ng mga lupaing pang-agrikultura, kapwa pribado at publiko, sa mga magsasaka at manggagawa ng bukid na walang sariling lupa



## Php 10.0 B
### Rice Competitiveness Enhancement Fund

Upang palakasin ang produktibidad sa sektor ng agrikultura sa pamamagitan ng mga pagpapabuti ng mga estratehiya sa pagpapaunlad ng pagtatanim ng palay at mekanisasyon ng sakahan, bukod sa iba pa

## Php 6.0 B
### Fisheries Infrastructure Development Program

Upang magtayo, ayusin, mapabuti, at magpatakbo ng mga pantalan sa buong bansa

## Php 2.4 B
### Fisheries Development Program

Upang gumawa ng mga makabagong pamamaraan sa pagpaparami at magtatag ng mga kasanayan sa aquaculture na hindi nakasasama sa kalikasan

## Php 916 M
### National Soil Health Program

Upang matiyak ang sustenibleng paggamit at pamamahala ng mga yamang lupa

*[1/] Kabílang ang mga badyet mula sa Pambansang Pangasiwaan sa Patubig (Php 56.8 B), at Kagawaran ng Agrikultura (Php 1.3 B)*

*[2/] Kabílang ang mga proyektong locally-funded projects lamang*




# Edukasyon

Ang edukasyon ay nagsisilbing isang mahalagang instrumento at pundasyon sa pagbibigay ng kapangyarihan sa mga Pilipino. Dahil dito, patuloy na pinipriyoridad at pinaglalaanan ng pondo ng pámahalaán ang pagbibigay ng mga de-kalidad, angkop, at ingklusibong programa pang-edukasyon para sa lahat.

## Badyet sa Edukasyon

| | |
|---|---|
| Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) | **Php 762.1 B** |
| Mga Pampámahalaáng Unibersidad at Kolehiyo (SUCs) | **Php 132.9 B** |
| Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED) | **Php 38.0 B** |
| Pangasiwaan sa Edukasyong Teknikal at Pagpapaunlad ng Kasanayan (TESDA) | **Php 21.5 B** |
| Iba pang mga institusyong pang-edukasyon[1/] | **Php 14.5 B** |



*[1/] Kabílang ang Science Education Institute, Philippine Science High School System, Philippine National Police Academy, Philippine Military Academy, Philippine Public Safety College, Local Government Academy, at National Defense College of the Philippines*

## Pagbibigay ng Tulong Pinansiyal at Subsidyo sa mga Mag-aaral

### Tulong at Subsidyo mula sa Pámahalaán

**Php 40.5 B**

Upang bigyan ng tulong pinansiyal and mga mag-aaral sa mga pribado at non-DepEd na institusyong pang edukasyon sa pamamagitan ng sumusunod na mga programa:

- Educational Service Contracting: 1,031,605 benepisyado
- Senior High School Voucher Program: 1,342,420 benepisyado
- Joint-Delivery Voucher Delivery Program: 117,889 benepisyado

### Free Higher Education

**Php 27.2 B**

Upang pondohan ang grants-in-aid ng mga kalipikadong mag-aaral na may limitadong pinansiyal na kapasidad

### Tertiary Education Subsidy

**Php 23.4 B**

Upang tustusan angmatrikula at iba pang gastusin sa paaralan ng mga mag-aaral sa mga SUC at mga lokal na unibersidad at kolehiyong (LUC) kinikilala ng CHED

### Tulong Dunong Program


**Php 4.0 B**

Upang suportahan ang mga mag-aaral na kapos sa pampananalapi na nais magpatuloy ng edukasyong tersiyarya

### Student Financial Assistance Programs

**Php 1.5 B**

Upang magbigay ng mga scholarship at programang grants-in-aid sa mahihirap ngunit karapat-dapat na mag-aaral na naka-enroll sa mga publiko at pribadong institusyon ng edukasyong tersiyarya



## Pagpapahusay ng mga Impraestruktura para sa Edukasyon at Akses sa De-kalidad na Kagamitan sa Pag-aaral

### Basic Education Facilities

**Php 33.9 B**

Upang magtayo, magmantene, at mapabuti ang mga luma at bagong pasilidad na pang-edukasyon

### Mga Aklat at Kagamitan sa Pagtuturò

**Php 12.0 B**

Upang bumili ng mga aklat at iba pang mga kagamitan sa pagtuturò, kabílang ang mga learning package at learning resource para sa mga library hub

### Computerization Program

**Php 8.9 B**

Upang magbigay ng mga mahahalagang package para sa teknolohiyang pang-impormasyon at komunikasyon (ICT), tulad ng mga eLearning cart package, mga smart TV package, at mga laptop, bukod sa iba pa

### Mga Learning Tool at Equipment

**Php 3.9 B**

Upang kumuha ng kagamitan panteknikal-bokasyonal, pati na rin ang mga kagamitan sa pag-aaral at kagamitang pang-agham at matematika

### Seed Fund para sa Pagpapaunlad ng mga Paaralan Medikal sa mga SUC

**Php 275 M**

Upang tulungan ang mga SUC na nag-aalok ng mga programang medical degree sa paggawa ng mga kagamitan sa pagtuturo, pag-upgrade ng mga pasilidad, at pagsasagawa ng mga aktibidad sa paglinang ng mga kakayahan

## Pagsusulong ng mga Programang Ingklusibo at Bokasyonal

### Training for Work Scholarship Program

**Php 10.4 B**

Upang suportahan ang paglago ng ekonomiya ng bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kinakailangang course offering para sa pagkakaroon ng mga bihasa at sertipikadong manggagagawa para sa mga priyoridad at in-demand na industriya

### Inclusive Education Program

**Php 6.0 B**

Upang pondohan ang sumusunod na mga programang nasa ilalim ng DepEd:

- Flexible Learning Options: Php 4.3 B
- Special Needs Education Program: Php 999 M
- Madrasah Program: Php 432 M
- Multigrade Education: Php 162 M
- Indigenous Peoples Education Program: Php 154 M

### Special Training for Employment Program (STEP)

**Php 1.6 B**

Upang magsagawa ng pagsasanay ng espesyalidad sa pamayanan at mga programang pangkabuhayan na naglalayong pahusayin ang kakayahang makahanap ng trabaho ng mga target na benepisyaryo sa mga barangay

### Tulong Trabaho Scholarship Program

**Php 1.0 B**

Upang bumuo ng mga makabagong pamamaraan na magpapalakas sa mga kakayahan ng manggagawang Pilipino at tugunan ang kawalan ng trabaho at hindi pagkakatugma ng kasanayan at trabaho

# Kalusugan at Nutrisyón

Ang kalusugan ay nananatiling isa sa mga pangunahing priyoridad ng pámahalaán na makikita sa patuloy nitong pagpopondo ng mga programa, aktibidad, at proyektong nagtataguyod ng mabuting kalusugan at pangkalahatang kapakanan ng mga Pilipino sa lahat ng edad.



## Pagbibigay ng De-kalidád na mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan

### Php 71.5 B
**Health Facilities Operations Program**

Upang pondohan ang mga gastusin sa operasyon ng lahat ng pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan na nasa ilalim ng Kagawaran ng Kalusugan

- Mga Panlalawigang Ospital at Ibang mga Pasilidad Pangkalusugan:
  Php 50.9 B
- Mga Ospital sa Metro Manila:
  Php 17.7 B
- Mga Sentro ng Panggagamot at Rehabilitasyon para sa Pag-abuso ng Mapanganib na Droga:
  Php 1.6 B
- Mga National at Sub-National Reference Laboratory:
  Php 732 M
- Mga Blood Center at National Voluntary Blood Services:
  Php 639 M

### Php 28.6 B
**Health Facilities Enhancement Program**

Upang magtayo,mmag-upgrade, at/o magpalawak ang mga pasilidad ng publikong pangangalagang pangkalusugan, gayundin ang pagbili ng mga kagamitan ng ospital at mga sasakyang medikal

### Php 27.9 B
**Pagbili at Alokasyon ng mga Gamot at Bakuna**

Upang bumili ng mga gamot, bakuna, at suplay na medikal at dental para sa mga pampámahalaáng pasilidad sa ng  pangangalagang pangkalusugan

### Php 20.0 B
**Public Health Emergency Benefits and Allowances for Health Care and Non-Health Care Workers**

Upang pondohan ang COVID-19 allowance ng mahigit 600,000 kalipikadong manggagawa ng pangangalangang pangkalusugan at di-pangkalusugan mula Hulyo 1, 2021 hanggang Hulyo 21, 2023

### Php 18.0 B
**National Health Workforce Support System**

Upang magtalaga ng hindi bababa sa 26,035 na doktor, komadrona, nars, at iba pang mga kawaning pangkalusugan sa mga liblib, bukod, at/o malayong lugar sa buong bansa

## Php 101.5 B
### National Health Insurance Program

Upang magbigay ng subsidyo sa health insurance premium ng 6.06 milyong maralitang miyembro sa ilalim ng National Household Targeting System for Poverty Reduction at 4.15 milyong maralitang senior citizen

## Php 58.1 B
### Medical Assistance to Indigent and Financially-Incapacitated Patients

Upang magbigay ng tulong pinansiyal sa pagpapaospital at mga gastusing medikal ng 1.31 milyong maralitang pasyente sa mga ospital ng pámahalaán

## Php 7.6 B
### Family Health, Immunization, Nutrition, and Responsible Parenting

Upang pondohan ang sumusunod na programa: Family Health Program, Nutrition Program, Oral Health Program, at National Immunization Program

## Php 6.3 B
### Prevention and Control of Communicable Diseases

Upang pigilin ang pagkalat ng mga nakahahawang sakit, tulad ng tuberculosis, HIV/AIDS, at malaria, bukod sa iba pa

## Php 1.3 B
### Cancer Assistance Fund

Upang pondohan ang mga gastusin sa pag-iwas sa kanser, screening, maagang pagtuklas, diyagnosis, at panggagamot sa mga pasyente, taong may cancer, survivor ng cancer, at indibidwal na high-risk

## Php 15.9 B
### Mga Programa sa Pagkain

Upang makapagbigay ng mga mainit at masustansiyang pagkain, kabílang ang mga bitamina at dietary supplement, sa mga buntis/nagpapasusong babae at mag-aaral na lubhang kulang sa timbang o nutrisyon papamagitan ng sumusunod:

- School-Based Feeding Program: Php 11.7 B
- Supplementary Feeding Program: Php 4.1 B
- Tutok Kainan Dietary Supplementation Program: Php 49 M

## Php 1.9 B
### Philippine Food Strategic Transfer and Alternative Measures Program


Upang magbigay ng tulong pinansiyal sa humigit-kumulang 50,000 sambahayang hirap sa pagkain sa pamamagitan ng mga digital card

## Php 300 M
### Philippine Multi-Sectoral Nutrition Project

Upang maghatid ng mga serbisyo at subaybayan ang mga nutritionally at-risk at mahihirap na buntis na nasa ika-5 hanggang ika-6 na klase ng munisipalidad sa buong bansa

## Php 52 M
### First 1,000 Days Program


Upang maiwasan ang hindi wastong paglaki at tiyakin ang sapat at mahusay na nutrisyón sa unang 1,000 araw ng buhay ng isang bata, simula sa pagkabuo nito hanggang 2 taong gulang



# Pangangalagang Panlipunan

Alinsunod sa pangako nitong mapahusay ang serbisyong kagalingan ng mga Pilipino, binibigyang diin ng Administrasyon ang kahalagahan ng pagkakaroon ng akses sa mahahalagang serbisyong panlipunan at ang pagpapatupad ng mahahalagang programa ng proteksiyong panlipunan. Para sa 2024, ang pámahalaán ay naglalayong isulong ang ingklusibong sosyo-ekonomikong pagpapaunlad at itaguyod ang pangkalahatang kapakanan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga pamamaraan ng pangangalagang panlipunan, lalo na ang mga marginalized at bulnerableng populasyon.

## Pangangalaga ng Kagalingan ng mga Bulnerable



### Php 106.3 B
**Pantawid Pamilyang Pilipino Program**

Upang tulungan ang 4.4 milyong benepisyadong sambahayang Pilipino sa pamamagitan ng cash assistance, mga grant sa kalusugan at edukasyon, at subsidyo sa bigas, bukod sa iba pa

### Php 49.8 B
**Social Pension for Indigent Senior Citizens**

Upang suportahan ang mga maralitang senior citizen sa pamamagitan ng pagbibigay ng Php 1,000 buwanang stipend nang madagdagan ang kanilang mapagkukunan para sa mga pangunahin at medikal na pangangailangan, bukod sa iba pa

### Php 34.3 B
**Protective Services for Individuals and Families in Difficult Circumstances**

Upang magbigay ng tulong na pinansiya, pagkain, medikal, at edukasyon sa ang mga indibidwal at pamilyang nasa mga gipit na sitwasyon

## Pagsuporta sa Paglago at Pagbangon ng mga Pamaya at ng Kabuhayan

### Php 26.7 B
**Ayuda sa Kapos Ang Kita Program**

Upang magbigay ng pang-isang beses na cash aid sa mga sumasahod nang minimum na kabilang sa kategoryang mababang kita, na lubhang naapektuhan ng tumataas na inflation

### Php 7.6 B
**Sustainable Livelihood Program**

Upang magbigay ng mga angkop na interbensiyon at bigyang kapasidad ang mga benepisyadong sambahayan sa pamamagitan ng mga Micro-enterprise Development at Employment Facilitation track nito

## Php 2.2 B

### Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan - Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (KALAHI-CIDSS) - Kapangyarihan at Kaunlaran sa Barangay

Upang mapabuti ang akses sa mga pangunahing serbisyo at makapagbigay ng komprehensibong tulong sa mga mahihirap na pamayanan

## Php 900 M

### PAyapa at MAsaganang PamayaNAn Program

Upang ipatupad ang mga inisyatiba para sa sosyo-ekonomikong pagpapaunlad sa mga lugar na madalas tamaan at naapektuhan ng kaguluhan

## Php 751 M

### Pambansang Pabahay Para sa Pilipino Program

Upang tustusan ang subsidy interes na ibinigay ng pámahalaán upang masimulan ang pagpapatayo ng mga disente at abot-kayang mga bahay para sa mga kalipikadong pamilyang Pilipino

# Pagsusulong ng Tamang Nutrisyon at Kalusugan

## Php 4.1 B

### Supplementary Feeding Program

Upang magbigan ng mga masustansiya't mainit na pagkain sa mga kabataang naka-enrol sa mga child development centers na pinamamahalaan at neighborhood play na pinangangasiwaan ng LGU, gayundin ang pagbibigay ng gatas sa mga batang kulang sa nutrisyon na mula sa edad na 3 hanggang 5

## Php 1.9 B

### Philippine Food Strategic Transfer and Alternative Measures Program

Upang dagdagan ang mapagkukunan ng pagkain ng mga karapat-dapat na pamilyang nakararanas ng gutom at malnutrisyon

## Php 155 M

### Bangsamoro Umpungan sa Nutrisyon

Upang mapabuti ang timbang at kalusugan ng mga kabataan sa rehiyong Bangsamoro at hikayatin ang mga pinuno ng mga sambahayan na makamit ang seguridad sa pagkain at pangkalahatang kapakanan ng pamilya

# Proteksiyon ng mga Manggagawa at Pagpapaunlad ng Industriya

Ang susi sa isang mas masaganang na Pilipinas ay gawing globally-competitve ang mga manggagawang Pilipino at iangat ang kondisyon ng Micro, Small, at Medium Enterprise (MSME). Sa pamamagitan nito, ipapatupad ang iba't ibang mga hakbang at interbensiyon upang matiyak ang pagkamit ng mga layuning ito.

## Pagpapalakas ng Kakayahan ng Manggagawang Pilipino

### Php 32.2 B
**Livelihood and Emergency Employment Program**

Upang magbigay ng tulong at suporta sa humigit-kumulang 1.4 milyong nawalan ng trabaho, maralita, at/o impormal na manggagawa sa pamamagitan ng sumusunod:

- Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged Workers Program: Php 28.9 B
- DOLE Integrated Livelihood Program: Php 2.4 B
- Adjustment Measures Program: Php 259 M

## Pagsuporta sa Pag-empleo ng mga Kabataan

### Php 488 M
**Special Program for Employment of Students**

Upang magbigay ng pansamantalang trabaho sa kabuoang 99,983 hindi nag-aaral na kabataan, mga mahirap pero karapat-dapat na mga mag-aaral, at/o mga dependent ng mga nawalan o mawawalan ng trabahong mga manggagawa

### Php 708 M
**Government Internship Program**

Upang pahintulutan ang 13,554 na mga kabataang benepisyado na maging bahagi ng mga ahensiya ng pámahalaán bilang mga intern at aktibong ipakita ang kanilang mga kasanayan at talino sa larang ng serbisyo publiko

### Php 46 M
**JobStart Philippines Program**

Upang mapahusay ang kakayahang magtrabaho ng 5,676 na kabataan sa pamamagitan ng mga kasanayan sa buhay at teknikal na pagsasanay, bukod sa iba pa





## Pangangalaga sa mga Pilipinong nasa Ibayong Dagat

**Php 5.3 B**
**Overseas Employment and Welfare Program**


Upang ipatupad ang Worker's Welfare and Government Placement Services at Overseas Employment Facilitation Services

**Php 2.4 B**
**Social Protection and Welfare for Overseas Filipino Workers (OFWs) Program**

Upang maipatupad ang Emergency Repatriation Program at Workers Auxiliary Support Program (WASP)/ Paralegal for OFWs

**Php 1.3 B**
**Emergency Repatriation Program**

Upang magbigay ng akses sa pansamantalang tahanan, tulong sa paliparan, psychosocial counselling, stress debriefing, serbisyong pantrasportasyon sa 23,500 OFW na nasa kagipitan sa mga bansang may kaguluhan dahil sa politika o natural na kalamidad



## Pagtataguyod ng Pag-unlad ng mga Lokal na Industriya

**Php 957 M**
**Exports and Investments Development Program**

Upang paunlarin, pangasiwaan, at itaguyod ang lokal at dayuhang mga eksportasyon at pamumuhunan sa bansa

**Php 863 M**
**Industry Development Program**

Upang bumuo ng mga estratehikong plano, programa, at polisiya upang mapalago ang mga kompetitibong industriya

**Php 749 M**
**MSME Development Program**

Upang ipatupad ang mga inisyatibang magbibigay-daan ng paglago at pag-unlad ng mga MSME

### Ibang mga Proyekto

**Php 609 M**
**Shared Service Facilities**

**Php 200 M**
**Malikhaing Pinoy Program**

**Php 100 M**
**Creative and Innovation Hub**

**Php 76 M**
**One Town, One Product: Next Generation**

**Php 75 M**
**Pangkabuhayan sa Pagbangon at Ginawa Program**

**Php 89 M**
**Livelihood Seeding Program: Negosyo Serbisyo sa Barangay**

**Php 48 M**
**Go Lokal**

# Kapaligiran, Pag-angkop sa Klima, at Katatagan Laban sa Sakuna

Ang pámahalaán ay patuloy na nagpapatupad ng mga inisyatibang nagpapabuti sa kalidad ng buhay para sa mga susunod na henerarasyon habang binibigyang-priyoridad ang pangangalaga ng kapaligiran, pagtugon sa pagbabago ng- klima, at pagsusulong ng pangangalaga ng biyodibersidad.

## Pagtitiyak ng Proteksiyon at Pangangalaga ng Kapaligiran para sa Matatag na Pamumuhay

### Php 2.4 B
**Protected Areas Development and Management**

Upang pangalagaan at mapabuti ang katatagan ng biyodibersidad sa bansa sa pamamagitan ng pagsusulong ng sustenibleng pamamahala ng lahat ng klase ng kagubatan, gayundin ang mga latian at kuweba

### Php 1.5 B
**Manila Bay Rehabilitation Program**

Upang mapabuti ang kalidad ng tubig sa Manila Bay, kabílang ang mga estero at daanan ng tubig na konektado rito, sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mas mahigpit na sistema ng pamamahala ng solidong basura, bukod sa iba pa

### Php 1.2 B
**National Greening Program**

Upang mapabuti ang kalagayan ng kapaligiran at ipagpatuloy ang rehabilitasyon ng kagubatan sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga punongkahoy sa mga nakalbong kagubatan

### Php 1.1 B
**Green Green Green Program**

Upang pondohan ang pagtatayo, rehabilitasyon, pagsasaayos, o pagpapabuti ng mga green open space at impraestruktura para sa active mobility

### Php 647 M
**Management of Coastal and Marine Resources/Areas**

Upang suportahan ang pangangalaga, pamamahala, at rehabilitasyon ng mga baybayin at tubigan ng bansa

### Php 492 M
**Soil Conservation and Watershed Management**

Upang mapanatili at mapamahalaan ang mga yamang lupa at mga watershed, pati na rin ang mga river basin, sa pamamagitan ng mga pag-aaral at pagsasaliksik

### Php 267 M
**Solid Waste Management Program**

Upang matiyak ang tamang pagtatapon ng mga basura sa pamamagitan ng rehabilitasiyon at pagtatása ng mga dumpsites sa buong bansa

### Php 198 M
**Clean Water Program**

Upang mapabuti ang kalidad ng tubig ng mga pangunahing ilog at ibang kritikal na mga lawas ng tubig

### Php 192 M
**Protection and Conservation of Wildlife**

Upang maitaguyod ang balanseng ekolohiko at protektahan ang mga búhay-ilahas sa pamamagitan ng pangangalaga ng mga kritikal na habitat at pamamahala sa mga nanganganib na specie

### Php 181 M
**Clean Air Program**


Upang mapabuti ang kalidad ng hangin sa bansa sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga operasyon at pagmamantene ng 118 air quality stations

## Pamumuhunan Katatagan sa Klima at Kalamidad

### Php 457.4 B
### Mga Gugulin para sa Pagbabagong-Klima


Upang tustusan and mga program at proyekto para sa pag-angkop sa pagbabagong-klima:

- **Php 373.4 B** Kasapatan ng Tubig
- **Php 36.6 B** Seguridad sa Pagkain
- **Php 18.2 B** Sustenibleng Enerhiya
- **Php 13.1 B** Pagpapaunlad ng Kaalamanan at Kapasidad
- **Php 6.5 B** Katatagan ng Ecosystem at Kapaligiran
- **Php 6.1 B** Mga Industriya at Serbisyong Climate Smart
- **Php 2.8 B** Seguridad ng Tao
- **Php 0.6 B** Cross-Cutting



### Php 244.6 B
### Flood Management Program

Upang pondohan ang mga pangmatagalang solusyon sa baha sa pamamagitan ng pagtatayo ng 1,500 impraestruktura para sa mitigasyon ng baha at rehabilitasyon ng 965 pasilidad para sa mitigasyon ng baha sa mga pangunahin river basin at mga ilog



### Php 20.5 B
### National Disaster Risk Reduction and Management Fund

Upang suportahan ang rehabilitasyon at pagbangon ng mga komunidad na apektado ng mga kalamidad na likás o gawa ng tao sa pamamagitan ng agarang tulong, ayuda, at serbisyong pang-rehabilitasyon, ang Php 1.0 bilyon nito ay para sa parametric insurance coverage ng mga pasilidad ng pámahalaán laban sa mga kalamidad na dulot ng kalikasan

### Php 7.9 B
### Quick Response Fund

Upang magsilbing nakahandang pondo para sa agarang tulong ng mga pambansang ahensiya ng pámahalaán sa mga lugar na apektado ng mga sakuna, kalamidad, epidemya, o masalimuot na emerhensiya


- **Php 3.0 B** Kagawaran ng Edukasyon
- **Php 1.8 B** Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan
- **Php 1.0 B** Kagawaran ng Agrikultura
- **Php 1.0 B** Kagawaran ng mga Pagawaing at Lansangang Bayan
- **Php 500 M** Tanggapan ng Tanggulang Sibil
- **Php 500 M** Kagawaran ng Kalusugan
- **Php 75 M** Tanod Baybayin ng Pilipinas
- **Php 50 M** Kawanihan ng Pamatay-Sunog
- **Php 50 M** Pambansang Pulisya ng Pilipinas


*Talâ: Maaaring hindi magtugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*


# Mabuting Pamamahala

Ang paglinang ng isang kultura ng mabuting pamamahala—kabílang ang isang transparent, patas, at mabilis na sistema ng hustisya—ay mahalaga para sa paglipol ng karalitaan, pagwakas ng kagutuman, at pagkamit ng isang ekonomiyang handa sa hinaharap at pangmatagalan. Para sa 2024, ang pámahalaán ay nananatiling patuloy na nakatuon sa pagtataguyod ng mabuting pamamahala para sa ikabubuti ng buhay ng lahat ng Pilipino.

## Pagpapalakas ng Epektibong Pámamahala







### Php 4.8 B
**Kawanihan ng Adwana**

Upang pabilisin ang mga operasyon at proseso sa Kagawaran ng Adwana para sa mas mahusay na koleksyon ng rentas at pagpapadali ng kalakalan

### Php 2.9 B
**Revenue Information Systems Development and Infrastructure Support**

Upang mapabuti ang koleksyon ng kita sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kasalukuyan at umuunlad na mga sistema ng Teknolohiyang Pang-impormasyon at Pangkomunikasyon sa Kagawaran ng Rentas Internas

### Php 1.6 B
**Philippine Identification System**

Upang mas mapabilis ang paglabas ng Pambansang ID, kabílang ang digital na bersiyon nito o ang “ePhilID”

### Php 789 M
**Community-Based Monitoring System**

Upang pondohan ang pagbuo at pagtitipon ng mga estadistika na nakabatay sa komunidad at gamitin ang mga ito para sa pagsusuri ng karalitaan at pagpatupad ng mga naaangkop na mga patakaran at interbensiyon

### Php 388 M
**Public Financial Management Program**


Upang isulong ang pagiging transparent sa paggamit ng publikong pondo, gayundin ang pagtiyak ng episyenteng paghahatid ng mga kalakal at serbisyo

### Php 235 M
**Ease of Doing Business (EODB) and Efficient Delivery of Government Services Program**

Upang subaybayan at tiyakin ang pagtalima ng mga ahensiya ng pámahalaán sa EODB Act (Batas Republika Blg. 11032) at pagtatag ng regulatory management system

# Pagtataguyod ng Mabilis, Patas na Katarungan, at Paglaban sa Korupsiyon

## Php 60.2 B
### Ang Hudikatura



- Adjudication Program:
  Php 27.9 B
- Pagtatayo, pagtapos, pagkompone, at/o pag-papaayos ng mga Bulwagan ng Katarungan:
  Php 4.2 B

## Php 38.2 B
### Kagawaran ng Katarungan



- Law Enforcement Program:
  Php 7.6 B
  - Mga Serbisyo sa Proteksiyon, Seguridad, at Benepisyo ng Saksi:
    Php 541 M
  - Anti-Trafficking in Persons Enforcement:
    Php 96 M
  - Anti-Cybercrime Enforcement:
    Php 20 M
- Libreng Tulong-Legal para sa mga Maralita at Ibá pang Kalipikadong Táo (Tanggapan ng Abogado ng Bayan):
  Php 5.0 B
- Pangangalaga ng mga Bilanggo (Kawanihan ng Koreksiyon):
  Php 5.9 B
- Border Control and Management Program (Kawanihan ng Imigrasyon):
  Php 1.2 B
- Crime Detection and Investigation Program (Pambansang Kawanihan ng Pagsisiyasat):
  Php 3.1 B
- Parole and Probation Program (Pangasiwaan sa Parole at Probasyon):
  Php 766 M

## Php 5.6 B
### Tanggapan ng Tanodbayan

- Anti-Corruption Investigation Program:
  Php 762 M
- Anti-Corruption Enforcement Program:
  Php 550 M
- Corruption Prevention Program:
  Php 97 M



# Ang 2024 Badyet at ang Ekonomiya

Ang Php 5.768 trilyon na Pambansang Badyet para sa PT 2024 ay umaalinsunod sa mga makroekonomikong pagtataya at mga estratehiya ng konsolidasyong pampananalapi ng pámahalaán na sumusuporta sa mga layunin ng Medium-Term Fiscal Framework (MTFF).

## Mga Makroekonomikong Pagtatáya, 2022-2026

| Mga Detalye | Aktuwal | Naiakma | Mga Target[1/] | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2022 | 2023 | 2024 | 2025 | 2026 |
| Real GDP Growth Rate (%) | 7.6 | 6.0-7.0 | **6.5-7.5** | 6.5-8.0 | 6.5-8.0 |
| Inflation Rate (%) | 5.8 | 6.0 | **2.0-4.0** | 2.0-4.0 | 2.0-4.0 |
| 364-Day Treasury Bill Rate (%) | 2.5 | 6.0 | **5.5-6.5** | 4.5-5.5 | 4.5-5.5 |
| FOREX (Php/USD) | 54.48 | 55.50-56.00 | **55-58** | 55-58 | 55-58 |
| Secured Overnight Financing Rate (SOFR), 6 buwan (%)[2/] | 2.5 | 5.3 | **4.5-5.5** | 3.5-4.5 | 3.5-4.5 |
| Dubai Crude Oil Price (USD/bariles) | 97.05 | 82-85 | **70-90** | 65-85 | 65-85 |
| Paglaki ng mga Eksport (%)[3/] | 5.9 | (4.0) | **5.0** | 6.0 | 6.0 |
| Paglaki ng mga Import (%)[3/] | 18.5 | (3.0) | **7.0** | 8.0 | 8.0 |

*[1/] Mga pagtatáya at target na pinagtibay ng Development Budget Coordination Committee (DBCC) noong Disyembre 15, 2023.*

*[2/] Sa pagpupulong ng DBCC Executive Technical Board noong Nobyembre 25, 2022, ang SOFR ay naaprobahan bilang kapalit ng London Interbank Offered Rate (LIBOR), na itinigil ang publikasyon noong Hunyo 2023.*

*[3/] Batay sa konsepto ng Balance of Payments Manual 6 (BPM6) ng IMF.*

### Paglago ng Real GDP

Binago ng pámahalaán ang target nito sa paglaki mula 6.5% sa 7.5% para sa 2024, at mula 6.5% sa 8.0% para sa 2025 hanggang 2026, bilang konsiderasyon sa mga makroekonomikong pagbabago

### 364-Day Treasury Bill Rate

Ang one-year debt paper ay tinatayang magkaroon ng mga rate na mula 5.5% hanggang 6.5% para sa 2024, at 4.5% hanggang 5.5% para sa 2025-2026.

### Mga Import at Eksport

May nakikitang makabuluhang pag-unlad ang pambansang pámahalaán sa pag-aangkat ng kalakal ngayong taon, na may rate ng paglago na 5.0% sa mga eksport at 7.0% sa mga import para sa 2024. Inaasahan itong tataas pa sa 6.0% sa mga eksport at 8.0% sa mga import sa 2024-2026.

### Antas ng Inflation

Mula 2024 hanggang 2026, ipinapatupad ang iba't ibang hakbang upang tugunan ang mga pangunahing sanhi ng pagtaas sa presyo ng mga bilihin at serbisyo, na inaasahang magbabalik ng inflation rate sa 2.0% hanggang 4.0% na target.

### Foreign Exchange Rate (FOREX)


Ang tinatayang rate ng palitang peso-dollar mula 2024 hanggang 2026 ay inaasahang mananatili sa Php 55 hanggang 58 kada USD 1.

### Dubai Crude Oil

Inaaasahang ang presyo ng krudong langis ng Dubai ay nasa sa USD 70 hanggang 90 kada bariles sa 2024. Ang presyo ng kada bariles ay nakikitang bababa sa USD 65 hanggang 85 para sa 2025 at 2026 dulot ng nabawasang mga interupsiyon sa industriya ng langis at ng mga salik na kanais-nais.

## SOFR

Bilang kapalit ng LIBOR, ang SOFR ay ang bagong pamantayan ng foreign interest rates ng mga bansa. Para sa 2024, ang mga rate ng SOFR ay nakikitang nasa 4.5% hanggang 5.5%.





Dahil sa matatag at napapatunayang macroeconomic at piskal na pagtataya, umaayon ang 2024 Pambansang Badyet sa mga maaasahan at pangmatagalang estratehiya at target sa pampananalapi ng MTFF.

## Sensibilidad ng Badyet sa Mahahalagang Makroekonomikong Palatandaan, 2024

(sa bilyong Piso)

| Mga Detalye | Pagbabago | 2024 | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Rentas | Pagbabayad | Balanse ng Badyet[1/] |
| Peso-to-US Dollar Exchange Rate | Php 1.00 depreciation | 11.2 | 3.6 | 7.6 |
| Treasury Bill Rate (lahat ng maturities) | 1 percentage point na dagdag | 1.1 | 5.4 | (4.3) |
| Treasury Bond Rate (lahat ng maturities) | | 1.4 | 7.2 | (5.8) |
| SOFR (180-araw) | | -- | 15.3 | (15.3) |
| Antas ng inflation | | 31.2 | -- | 31.2 |
| Paglaki ng Real GDP | | 32.6 | -- | 32.6 |
| Paglaki ng mga Import | | 7.0 | -- | 7.0 |

*Talâ: Maaaring hindi tumugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*

*[1/] Ang negatibong numero sa balanse ng badyet ay nangangahulugang pagtaas ng deficit.*

*Pinagmulan ng Datos: Kagawaran ng Pananalapi at Kawanihan ng Ingatáng-Yaman*

## Paglago ng Real GDP


Ang 1 percentage point na paglaki ng GDP ng bansa ay magdadagdag ng Php 32.6 bilyon sa mga rentas ng pámahalaán, bilang resulta ng mas malaking tax base. Hindi ito magdudulot ng awtomatikong dagdag sa pagbabayad. Sa gayon, palalakihin nito ang balanse ng badyet nang nasabing halaga.

## Antas ng Inflation

Ang 1 percentage point na pagtaas sa presyo ng mga bilihin at serbisyo ay magbibigay-daan sa pámahalaán na makapangolekta ng Php 31.2 bilyong dagdag kita, nang walang gastos sa panig ang pámahalaán. Palalawakin nito ang balanse ng badyet ng pámahalaán nang parehong halaga.

## Palitan ng Peso sa US Dollar

Ang bawat Php 1.00 pagbaba ng halaga ng Philippine Peso laban sa US Dollar ay magdadagdag ng Php 3.6 bilyon sa pagbabayad, sa anyo ng mas mataas na mga bayad sa foreign interest. Gayunman, mas hihigitan ng pagtaas ng kita ang pagtaas ng pagbabayad nang Php 7.6 bilyon. Ang kita, na umaabot sa Php 11.2 bilyon, ay magmumula sa mas mataas na kita ng Peso mula sa mga banyagang grant at buwis sa mga import.



## Domestic Interest Rates (T-bill)

Ang 1 percentage point na pagtaas sa Treasury Bill rate ay magdudulot ng karagdagang Php 1.1 bilyong kita para sa pámahalaán. Gayunman, magreresulta rin ito ng karagdagang Php 5.4 bilyon na mula sa interest payments.

## Foreign Interest Rates (SOFR)

Ang 1 percentage point na pagtaas sa SOFR ay magdudulot ng Php 15.3 bilyon paglabas ng pera dahil sa dagdag na pagbabayad ng mga panlabas na interes na hindi mapapantayan ng karagdagang pumapasok na kita.

## Treasury Bond Rate

Ang 1 percentage point na pagtaas sa Treasury Bond rate ay magdadagdag ng Php 1.4 bilyon na kita, ngunit magdudulot ng dagdag na pagbabayad na nagkakahalaga sa Php 7.2 bilyon mula sa mga bayad sa interes ng bond securities ng pámahalaán.

## Antas ng Paglago ng mga Import


Sa bawat 1 percentage point na pagtaas sa paglago ng mga import, ang kaban ng bayan ay makakatanggap ng Php 7.0 bilyong dagdag na kita at magkakaroon ng kaukulang pagtaas sa balanse ng badyet.



# Programang Pampananalapi

Upang matiyak ang katatagang makro-piskal, nilalayon ng Pambansang Pámahalaán (NG) na bawasan ang laki ng utang bilang porsyento ng GDP nang hindi hihigit sa 60% pagsapit ng 2025, at bawasan ang deficit-to-GDP ratio sa 3.0% pagsapit ng 2028 sa pamamagitan ng konsolidasyong piskal.

## Programang Pampananalapi ng Pambansang Pámahalaán, 2022-2026
(sa bilyong Piso)




*Talâ: Alinsunod sa mga medyo matagalang makroekonomikong pagtatáya, target na paglago, at programang pampananalapi na pinagtibay sa ika-186 DBCC Meeting noong Disyembre 15, 2023. Indikatibo at maaaring mabago.*

### Pagbabayad

Ang mga pagbabayad ay pananatilihing sa 20.0% ng GDP sa average. Para sa 2024, ang kabuoang pagbabayad ay nakatakda sa Php 5.630 trilyon, o 20.6% ng GDP. Sa halagang ito, Php 1.409 trilyon o 5.2% ng GDP ang gagamitin sa tinatayang kabuoang pagbabayad mula sa mga programa at proyektong pang-impraestruktura na ipatutupad ng mga pambansang ahensiya ng pámahalaán, mga pang-impraestruktura na bahagi ng mga inilipat ng NG patungo sa mga lokal na yunit ng pámahalaán, at subsidyo/equity sa mga korporasyon ng pámahalaán.

### Rentas

Inaasahan ng pámahalaán ang pagtaas ng mga koleksiyon ng kita nang 10.1% ngayong taon, na nagkakahalaga ng kabuoang Php 4.235 trilyon. Ito ay katumbas ng 15.5% ng GDP ng bansa.

### Deficit

Ang bumababang mga antas ng landas ng deficit ay alinsunod sa tuon ng Medium-Term Fiscal Framework na mapababa ang NG debt-to-GDP ratio sa kayang pamahalaan at ayon sa pandaigdigang komunidad na 60.0% ng GDP. Ang tinatayang deficit ng badyet sa 2024 ay Php 1.395 trilyon, na katumbas ng 5.1% ng GDP, mas mababa sa inaasahang Php 1.494 trilyon o 6.1% ng GDP noong 2023.

# Rentas

Ang kita ng pámahalaán ang pangunahing nagpopondo sa Pambansang Badyet. Kabílang sa mga pinagkukunan ng mga kita ng pámahalaán ay mga buwis, bayarin at singilin, kíta mula sa mga operasyon, at kíta mula sa pagsasapribado.

Sa 2024, inaasahan ng pámahalaán ang mga koleksiyon ng rentas na tumaas nang 10.8%, na may kabuoang Php 4,235.3 bilyon.



## Kabuoang Rentas

(sa bilyong Piso)

**4,235.3**

- **4,048.0** Kita mula sa Buwis
- **187.3** Kita na Di-galing sa Buwis


Sa 2024, nilalayon ng pámahalaán na makalikom ng Php 4,235.3 bilyon na kita, na kumakatawan sa 15.5% ng GDP ng bansa. Ito ay pagtaas mula sa kabuoang koleksiyon na Php 3,824.1 bilyon noong 2023. Ang pagtaas sa koleksiyon ay dahil sa mga pagsisikap ng pámahalaán na mapabuti ang koleksiyon ng buwis, na may tax effort na 14.8% ng GDP sa 2024, kompara sa 14.1% noong 2023.

## Kabuoang Rentas, 2022-2026

(sa bilyong Piso)


| Taon | Rentas |
|---|---|
| 2023 (Aktuwal) | 3,824.1* |
| 2024 (Programa) | 4,235.3 |
| 2025 (Pagtaya) | 4,699.2 |
| 2026 (Pagtaya) | 5,283.4 |

*batay sa Cash Operations Report ng taóng 2023*



# Mga Panghihiram

Ang panghihiram ng pámahalaán mula sa mga lokal at dayuhang pinagkukunan ay magkakahalaga ng Php 2.460 trilyon at magpopondo sa iba't ibang proyekto at gawain ng pámahalaán, kabílang ang mga inisyatibang magpapabilis sa pagpapaunlad ng impraestruktura tulad ng Programang Build Better More.




## Pagpipinansya ng Pambansang Pámahalaán, 2022-2024

(sa milyong Piso)

| Taon | Kabuoang Panghihiram | Lokal | Banyaga |
|---|---|---|---|
| **2022** | 2,163,490 | 1,643,399 | 520,091 |
| **2023** | 2,193,265 | 1,634,230 | 559,035 |
| **2024** | 2,460,000 | 1,853,150 | 606,850 |

Para sa 2024, kukunin ng pámahalaán ang 75.0% ng kabuoang panghihiram nito sa mga lokal na nagpapautang habang ang natitirang 25.0% ay kukunin sa mga banyagang pondo. Ito ay upang mabawasan ang epekto ng pagbabago sa palitang panlabas (foreign exchange) sa gitna ng kawalang-katiyakan sa pandaigdigang ekonomiya.

Nasa tamang landas ang pámahalaán sa pagpapatupad ng Medium-Term Fiscal Framework (MTFF) target, na naglalayong bawasan ang debt-to-GDP ratio ng bansa sa mas mababa sa 60.0% pagsapit ng 2025. Upang makamit ang layuning ito, inaasahan ang pámahalaán na mapabuti ang mga kolekisyon ng rentas at mapaliit ang deficit sa pamamagitan ng programang konsolidasyong piskal.



## Debt-to-GDP ratio, 2020-2025[1/]

| Taon | Aktuwal | MTFF Target |
|---|---|---|
| **2020** | 54.6 | -- |
| **2021** | 60.4 | -- |
| **2022** | 60.9 | 61.8 |
| **2023** | 60.2 | 61.2 |
| **2024** | -- | 60.0 |
| **2025** | -- | 58.3 |

[1/] *Alinsunod sa pinagtibay na mga makroekonomikong pagtatáya sa ika-186 DBCC Meeting.*

# Ang Siklo ng Badyet


Ang pagbabadyet sa pámahalaán ay may apat na natatanging yugto na bumubuo sa Siklo ng Badyet: paghahanda, pagsasabatas, pagpapatupad, at pananagutan. Habang ipinatutupad ng Sangay Ehekutibo ang badyet para sa kasalukuyang taon, inihahanda rin nito ang badyet para sa susunod na taon at tinitiyak na ang mga layunin ay nakamtan sa pamamagitan ng pagsubaybay, pagtatása, at pag-uulat ng aktuwal na nagawasa buong taon. Ipinakikita rito ang ideal na iskedyul ng mga gawain na sinusunod ng mga ahensiya ng pámahalaán sa buong ng siklo.

**Simula ▶**

**1.1 | Disyembre (Dis) ng NT**
Pag-isyu ng Budget Call

**1.2 | Enero (Ene)-Pebrero (PEB) ng KT**
Pakikilahok ng Mamamayan/Mga Konsultasyon sa Regional Development Council

**1.3 | Peb ng KT**
Pagsagawa ng mga pagdinig sa badyet at pagribyu ng Tier I para sa TB




**3.4 | Ene ng KT**
Paggawad ng mga kontrata

**3.5 | Ene ng KT**
Pagsumite ng mga iniayos na mga BED batay sa GAA

**3.6 | Ene ng KT**
Pamamahagi ng Notices of Cash Allocation (NCA) para sa unang semester


**3.7 | Hul ng KT**
Pagpapalabas ng mga NCA sa ikalawang semester

**4.1 | Kada ikatlo ng KT**
Kada Kuwarter ng KT
Pagsumite ng quarterly Budget at Financial Accountability Report

**4.2 | Kada buwan ng KT**
Pagpaskil ng mga Disbursement Assessment Report

**4.3 | Ago-Setyembre**
Publikasyon ng Mid-Year Report ng Development Budget Coordination Committee para sa KT at Year-End Report para sa NT

**4.4 | Sa loob ng susunod na taon**
Pagsasagawa ng awdit



**TB:** Taón ng Badyet (Kasalukuyang Taón + 1 taón)

**NT:** Nakaraang Taón (Kasalukuyang Taón – 1 taón)

**KT:** Kasalukuyang Taón

**1.4** | **Mayo (May) ng KT**
Program convergence

**1.5** | **May ng KT**
Pagsumite ng mga panukalang badyet sa Tier II para sa TB

**1.6** | **May-Hunyo (Hun) ng KT**
Pagsagawa ng mga pagdinig sa badyet at pagribyu ng Tier II para sa TB

**1.7** | **Hun ng KT**
Konsolidasyon, balidasyon, at kumpirmasyon

**1.8** | **Hun ng KT**
Aprobasyon ng Panukalang Pambansang Badyet sa Gabinete para sa TB

**1.9** | **Hulyo (Hul) ng KT**
Pagsumite ng Panukalang Pambansang Badyet sa Kongreso


## 1 Paghahanda
**Mula Dis ng NT hanggang Hul/Ago ng KT**




## 2 Pagsasabatas
**Mula Ago/Nob ng KT hanggang Dis ng KT**



## 3 Pagpapatupad
**Mula Ago ng NT hanggang Hul ng KT**



## 4 Pananagutan
**Mula Ikatlo ng KT hanggang sa susunod na taon**



**2.1** | **Agosto (Ago)-Nobyembre (Nob) ng KT**
Deliberasyon ng Badyet sa Mababang Kapulungan at Senado

**2.2** | **Dis ng KT**
Ratipikasyon ng Mababang Kapulungan at Senado ng General Appropriations Bill

**2.3** | **Dis ng KT**
Pagpapatibay ng General Appropriations Act (GAA)

**3.1** | **Ago ng NT**
Maagang gawain sa prokyurment

**3.2** | **Nob ng NT**
Pagsumite ng Monthly Disbursement Program

**3.3** | **Dis ng NT**
Pagsumite ng Budget Execution Documents (BEDs) batay sa National Expenditure Program (NEP)

*Pinagmulan ng Datos: Joint Circular No. 2017-1 na inilabas noong 30 Hunyo 2017 ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala (Department of Budget and Management), Kagawaran ng Pananalapi (Department of Finance), at ng Pambansang Pangasiwaan sa Kabuhayan at Pagpapaunlad (National Economic and Development Authority)*

# Glosaryo

**1 | Paglalaan**
Ang bahagi ng mga laang-gugulin na nagsisilbing limitasyon at batayan ng isang entidad ng pámahalaán gumawa/tumanggap ng mga obligasyon, alinsunod sa layunin, kahingian sa dokumentasyon, at sa loob ng itinakdang panahon na nakasaad sa alinman sa sumusunod na dokumento ng awtorisasyon sa badyet na ipalalabas ng DBM:

1. General Appropriations Act bílang Allotment Order (GAAAO), para sa tiyak na mga guguling aytem na itinuturing nang naipamahagi sa pagkabisà ng GAA, (hal., "For Comprehensive Release");
2. General Allotment Release Order (GARO) na ibinibigay sa lahat ng pambansang ahensiya ng pámahalaán, sa pangkalahatan, upang magkaroon ng mga bayarin, (hal., Retirement and Life Insurance Premium (RLIP), maliban sa RLIP para sa mga kagawaran/ahensiya na binabayaran sa Special Accounts in the General Funds (SAGFs) at ang mga sakop ng natatanging kasunduan); at
3. Special Allotment Release Order (SARO) na ibinigay sa mga tinukoy na ahensiya upang magkaroon ng obligasyon na hindi lalagpas sa itinakdang halaga sa tinukoy na panahon para sa nakasaad na layunin nito. Sakop nito ang mga gugulin na ang paglalabas ay kailangan tumalima sa tiyak na mga batas o regulasyon, o nangangailangan ng hiwalay na aprobasyon o clearance ng karampatang awtoridad.

**2 | Laang-Gugulin**
Ang isang awtorisasyon alinsunod sa batas o iba pang pagpapatibay ng lehislatura, kaya't ay nangangailangan ng aksiyon ng Kongreso, na nag-uutos ng paggastos ng mga pondo ng bayan para sa isang partikular na layunin, hanggang sa itinakdang halaga sa ilalim ng tinukoy na mga kondisyon.

**3 | Badyet**
Ang badyet ang planong pampananalapi ng pámahalaán sa isang taon. Ito ay talahanayan/talatakdaan ng mga gugulin na ibinatay sa konseptong bayarin o salapi at ang kaukulang pinanggagalingan ng pondo, na maaaring mula sa kíta, panghihiram, o cash drawdown. Sa hulí, ito ay kasangkapan upang magawa at makamtan ng pámahalaán ang adyenda nito sa pag-unlad.

**4 | Budget Deficit**
Isang sitwasyong ang gastos ng pámahalaán ay mas malaki sa kíta nito.

**5 | Cash Budgeting System**
Isang sistemang nililimita ng taunang laang-gugulin ang pagkakaroon ng mga obligasyon at paglalabas ng bayad sa mga kalakal na natanggap at mga serbisyong isinagawa, sinuri, at natanggap sa loob ng kasalukuyang piskal na taon, o ang panahon ng transisyong pinagtibay ng Pangulo ayon sa rekomendasyon ng DBM. Ang mga pagbabayad sa mga obligasyon ay isasagawa hanggang sa Pinalawig na Panahon ng Pababayad (Extended Payment Period) ayon sa pinahihintulutan ng GAA.

**6 | Bayad sa Utang**
Ang kabuoan ng debt amortization at interest payments, kasáma ang mga commitment fee at ibá pang singílin, sa mga panlabas at panloob na utang ng Pambansang Pámahalaán.

**7 | Pagbabayad**
Ang pagtatapos/likidasyon/pagbabayad ng isang obligasyon utang na nabuo sa kasalukuyan o nakaraang mga taón, na may kinalaman sa mga transaksiyong cash o non-cash at sakop ng mga awtoridad sa pagpapalabas ng bayad.

**8 | Expenditure Program**
Ang aprobadong limitasyon sa mga obligasyong maaaring pasukin ng pámahalaán sa isang taon. Ang



nasabing limitasyon ay sinusuportahan ng mga tináyang pinagkukunan ng salapi.

**9 | Klasipikasyon ng Gugulin**
Ang mga klasipikasyon ng gastusin sa ilalim ng sumusunod na mga kategorya:

1. Serbisyong Pangkawani (PS)
2. Pagmamantene at Iba pang Gastusing Pang-operasyon (MOOE)
3. Mga Gastusing Pampananalapi (FinEx)
4. Gastusing Pangkapital (CO)

**10 | Patakarang Pampananalapi**
Ang bahagi ng patakaran ng pámahalaán na may kinalaman sa paglikom ng mga mapagkukunan sa pamamagitan ng pagbubuwis at panghihiram at pagpapasiya tungkol sa antas at anyo ng paggugol.

**11 | Gross Domestic Product (GDP)**
Ang sum ng kabuoang dagdag na halaga sa lahat ng resident producer unit kasama ang bahagi (maaaring ang kabuoan) ng mga buwis sa mga produkto, na babawasan ng subsidyo sa mga produkto, na hindi kasama sa pagtataya ng output. Ang GDP ay tumutukoy lámang sa kabuoang halaga ng mga produkto at serbisyong ginawa sa isang bansa sa isang partikular na nakatakdang panahon, tulad ng isang kuwarter o isang taon. Ang antas ng paglago ng GDP na iniayon sa mga presyo ay maaaring gamitin bílang sukatán ng pagsulong ng ekonomiya o pag-unlad ng isang bansa.


**12 | Inflation**
Antas ng pagtaas sa average na presyo ng mga kalakal at serbisyong karaniwang binibili ng mga mamimili.

# Mga Off-Budget Account

May ilang ahensiya ng pámahalaán ang awtorisado ng batas na kumuha ng koleksiyon mula sa kanilang mga aktibidad, na gagamitin sa mga partikular na layunin. Bagaman hindi bahagi ng General Appropriations Act, ang mga pondo na ito, kilala bilang mga off-budget account, ay nananatiling sakop ng awdit ng Komisyon sa Awdit (COA).

## Mga Off-Budget Account, PT 2024

Ang mga koleksiyon mula sa mga off-budget account ng mga ahensiya ng pámahalaán sa 2024 ay inaasahang aabot sa Php 161.4 bilyon. Kabílang ang mga koleksiyon mula sa mga nakaraang taon, ang mga ito ang magpopondo o magdadagdag sa mga pondo para sa mga partikular na gugulin na awtorisado ng batas na nagkakahalaga ng Php 136.4 bilyon.




## Mga Pangunahing Off-Budget Account



**Kagawaran ng Kalusugan**
Koleksiyon: Php 37.6 B
Gugulin: Php 30.2 B

**Ang Hudikatura**
Koleksiyon: Php 37.2 B
Gugulin: Php 27.7 B

**Mga Pampámahalaáng Unibersidad at Kolehiyo**
Koleksiyon: Php 35.6 B
Gugulin: Php 34.8 B

**Tanggapang Pampanguluhan sa Komunikasyon**
Koleksiyon: Php 8.1 B
Gugulin: Php 7.1 B

**Kagawaran ng Edukasyon**
Koleksiyon: Php 6.3 B
Gugulin: Php 5.9 B

**Kagawaran ng Paggawa at Empleo**
Koleksiyon: Php 5.5 B
Gugulin: Php 4.4 B

**Kagawaran ng Pananalapi**
Koleksiyon: Php 4.9 B
Gugulin: Php 4.3 B

**Kagawaran ng Katarungan**
Koleksiyon: Php 4.5 B
Gugulin: Php 3.0 B

**Kagawaran ng mga Migranteng Manggagawa**
Koleksiyon: Php 2.8 B
Gugulin: Php 2.2 B

**Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan**
Koleksiyon: Php 2.8 B
Gugulin: Php 524 M

# Itanong sa Pámahalaán

Upang magbigay ng ákses sa impormasyon, pataasin ang pakikilahok ng mamamayan, at magbukas ng higit pang maraming paraan para makatanggap ng tulong mula sa pamahalaan, ang mga contact number ng mga pilíng ahensiya ng pámahalaán ay makikita sa ibaba. Makilahok sa pamamagitan ng pagtawag o pag-e-mail.

## Mga Pilíng Tanggapan ng Ugnayang Publiko sa Sangay Ehekutibo

**Tanggapan ng Pangulo**
Presidential Action Center
8249-8310 loc. 8175
www.op-proper.gov.ph

**Tanggapan ng Pangalawang Pangulo**
Public Assistance Division
8370-1716 to 19 loc. 112, 113
www.ovp.gov.ph

**Kagawaran ng Agrikultura**
Public Assistance Counter
8928-8741 to 64 loc. 2136; 8927-4076
www.da.gov.ph

**Kagawaran ng Edukasyon**
Public Assistance Action Center
8636-1663; 8633-1942; 8638-7529
action@deped.gov.ph
www.deped.gov.ph

**Kagawaran ng Kapaligiran at Likás Na Yaman**
Strategic Communication and Initiatives Service
8920-2211; 8926-1004
www.denr.gov.ph

**Kagawaran ng Ugnayang Panlabas**
Office of Migrant Workers Affairs
8834-4996
oumwa@dfa.gov.ph
www.dfa.gov.ph

**Kagawaran ng Kalusugan**
*Malasakit* Program Office
8651-7800 loc. 1806, 1809
www.doh.gov.ph

**Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal**
Public Affairs and Communication Service
8876-3454 loc. 5701; 8925-0349
www.dilg.gov.ph

**Kagarawan ng Katarungan**
DOJ Action Center (DOJAC)
8526-3365; 8521-2930
dojac@doj.gov.ph
www.doj.gov.ph

**Kagawaran ng Paggawa at Empleo**
Information and Publication Service
1349 (DOLE Hotline)
www.dole.gov.ph

**Kagarawan ng mga Migranteng Manggagawa**
Public Information and Assistance Center
8722-1144; 8722-1155
repat@dmw.gov.ph
www.dmw.gov.ph

**Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan**
Stakeholders Relations Service
5304-3202; 5304-3280; 5304-3532; 5304-3275
www.dpwh.gov.ph

**Kagarawan ng Agham at Teknolohiya**
Public Assistance and Complaints Desk
8838-9080
www.dost.gov.ph

**Kagawaran ng Turismo**
Tourism Information Center/Tourism Information and Special Projects Unit
8459-5200 to 30 loc. 223; 8551-0698;
8832-2964 (Airport)
www.beta.tourism.gov.ph

**Kagawaran ng Kalakalan at Industriya**
DTI Direct/Customer Contact Center
1-DTI (1-384); (0917) 834-3330
ASK@dti.gov.ph
www.dti.gov.ph

**Kagawaran ng Transportasyon**
Public Assistance Action Center
8790-8400 loc. 362, 723
publicassistance@dotr.gov.ph
www.dotr.gov.ph

Kagawaran ng Badyet at Pamamahala
Publikasyon ng 2024 Pinagtibay na Badyet ng Bayan

# Survey Feedback Form

**Pangalan** (Opsiyonal): ____________________

**Organisasyon** (Kasáma ang posisyon): ____________________

**Mga Detalye ng Kontak**: ____________________

**Sektor** (Lagyan ng tsek): ☐ NGA ☐ CSO ☐ LGU ☐ Academe ☐ SUC ☐ Media
☐ Iba pa (Tukuyin): ____________________

## Panuto:

Mangyaring paki-rate ang inyong karanasan sa pagbabasa ng publikasyong ito gamit ang rating scale sa ibaba. Makatutulong ang inyong tapat na puna sa aming paraan ng paghaharap ng Pamansang Badyet sa mga susunod na isyu

**1** Lubos na Hindi Sumasang-ayon
**2** Hindi Sumasang-ayon
**3** Nag-aalinlangan
**4** Sumasang-ayon
**5** Lubos na Sumasang-ayon

## Impormatibo ba ang publikasyong ito?

Makabuluhan at impormatibo ang sumusunod na seksiyon:

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang 2024 Pinagtibay na Pambansang Badyet | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Mga Priyoridad sa Paggugol | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Pagpipinansiya sa Pambansang Badyet | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Ang Mga Batayang Kaalaman sa Pagbabadyet | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

## Madali bang maunawaan ang publikasyong ito?

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Lohiko at maayos na nakaorganisa ang nilalaman. | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Madali kong nauunawaan ang wika. | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Nakatutulong ng mga graph, table, at ilustrayson sa higit na pag-unawa sa mga teksto. | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

## Madali bang basahin ang publikasyon?

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang mga font (typeface, súkat), graph, at chart na ginamit ay malinaw | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Ang kombinasyon ng mga kulay ay kaakit-akit. | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Ang layout ng publikasyon ay kaaya-aya sa paningin. | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

## Iba pang Komentaryo at Mungkahi:

Halimbawa, aling bahagi o mga bahagi ng publikasyon ang nakikita ninyong pinakamakabuluhan/pinakamahina. O paano ninyo gagamitin ang publikasyong ito.?

Matapos sagután ang form na ito, maaari itong isumite sa pamamagitan ng:

Koreo:

Naka-address sa Advocacy, Communications, and Training Service,
Department of Budget and Management,
General Solano St., San Miguel, Manila 1005

**Email:**
I-scan o kuhanan ng malinaw na retrato at ipadala sa publications_division@dbm.gov.ph.

Maaari ring ninyong sagutan ang survey na ito gamit ang link na:
**bit.ly/2024PEBsurvey**
o pag-scan nitong QR code:

# 2024 Pinagtibay na Badyet ng Bayan

Binuo ng Advocacy, Communications, and Training Service (ACTS)
ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala

Pangalawang Kalihim Margaux Salcedo
Direktor Diana C. Camacho-Mercado
John E. Lansangan
Ria Consuelo C. Mendoza
Pierre Angelica C. Rañon
Mark Angelo R. Dator
Ma. Soraya E. Salvador
Cedric Allen U. Katigbak
Junrey E. Rosales
Sangay ng Salin - Komisyon sa Wikang Filipino

**Pinagkuhanan ng Datos**
Kawanihan ng Badyet at Pamamahala A-F
Kawanihang Teknikal ng Badyet
Kawanihan sa Pagpaplano sa Pananalapi at Reporma
Kawanihan ng Pámahalaáng Lokal at Regional Coordination

**Kagawaran ng Badyet at Pamamahala**
© Mayo 2024
Reserbado ang lahat ng Karapatan.

DEPARTMENT OF BUDGET AND MANAGEMENT
1936